

# Mga Karapatan ng Magulang at Bata sa Espesyal na Edukasyon

# Paunawa ng mga Proteksyon sa Pamamaraan

Isang Paliwanag ng mga Proteksyon sa Pamamaraan na Makukuha
Alinsunod sa mga Probisyon ng Individuals with Disabilities Education Act
(IDEA, Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na may mga Kapansanan)
at
sa mga Patakaran ng Colorado para sa Administration of the Exceptional
Children's Educational Act (ECEA, Batas sa Pangangasiwa ng
Edukasyon ng mga Katangi-tanging Bata)

Ang Individuals with Disabilities Education Act (IDEA), ang Pederal na batas para sa edukasyon ng mga estudyanteng may mga kapansanan, ay inaatasan ang mga paaralan na pagkalooban ang mga magulang ng batang may kapansanan ng paunawang naglalaman ng buong paliwanag ng mga proteksyon sa pamamaraang makukuha alinsunod sa IDEA at mga regulasyon ng Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos. Isang kopya ng paunawang ito ang dapat ibigay sa mga magulang nang isang beses lamang sa isang taon ng pasukan, maliban kung dapat bigyan ng kopya ang mga magulang: (1) sa unang referral o kahilingan ng magulang para sa ebalwasyon; (2) sa pagtanggap ng unang reklamo sa Estado at sa pagtanggap ng unang reklamong may makatarungang proseso sa isang taon ng pasukan; (3) kapag gumawa ng desisyon upang gumawa ng aksyong pandisiplina na binubuo ng pagpapalit ng pagtatalaga; at (4) sa kahilingan ng magulang. [34 CFR §300.504(a)]

Kagawaran ng Edukasyon ng Colorado

# Talaan ng mga Nilalaman

**Pangkalahatang Impormasyon ........ 1**
Naunang Nakasulat na Paunawa ........ 1
Katutubong Wika ........ 2
Elektronikong Mail ........ 2
Pahintulot ng Magulang - Kahulugan ........ 2
Pahintulot ng Magulang ........ 3
Mga Independiyenteng Ebalwasyong Pang-edukasyon ........ 6

**Pagiging Kumpidensyal ng Impormasyon ........ 7**
Mga Kahulugan ........ 7
Personal na Matutukoy ........ 8
Paunawa sa mga Magulang ........ 8
Mga Karapatan sa Pag-access ........ 8
Rekord ng Pag-access ........ 9
Mga Rekord sa Mahigit na Isang Anak ........ 9
Listahan ng mga Uri at Lokasyon ng Impormasyon ........ 9
Mga Singil ........ 9
Pagbabago sa mga Rekord na Hiniling ng Magulang ........ 9
Oportunidad para sa Pagdinig ........ 10
Mga Pamamaraan sa Pagdinig ........ 10
Resulta ng Pagdinig ........ 10
Pahintulot Para sa Pagsisiwalat ng Personal na Matutukoy na Impormasyon ........ 10
Mga Proteksyon ........ 11
Pagsira ng Impormasyon ........ 11

**Mga Pamamaraan sa Reklamo sa Estado ........ 11**
Ang Pagkakaiba sa Pagitan ng mga Pamamaraan ng Pagdinig Para sa Reklamong may Makatarungang Proseso at Reklamo sa Estado ........ 11
Pagpapatibay ng mga Pamamaraan sa Reklamo sa Estado ........ 12
Pinakamaliliit na Pamamaraan sa Reklamo sa Estado ........ 12
Paghahain ng Reklamo ........ 13

**Mga Pamamaraan sa Reklamong may Makatarungang Proseso ........ 14**
Paghahain ng Reklamong May Makatarungang Proseso ........ 14
Reklamong May Makatarungang Proseso ........ 15
Ang Pagtatalaga sa Bata Habang Nakabinbin ang Proseso ng Reklamo at Pandinig ........ 16
Mga Modelong Form ........ 17
Pamamagitan ........ 17
Proseso ng Resolusyon ........ 18

**Mga Pagdinig sa Reklamong may Makatarungang Proseso ........ 20**
Walang Pinapanigang Pagdinig na May Makatarungang Proseso ........ 20
Mga Karapatan sa Pagdinig ........ 21
Mga Desisyon sa Pagdinig ........ 22
Pagiging Pinal ng Desisyon ........ 23
Mga Itinakdang Panahon at Pagiging Kumbinyente ng mga Pagdinig at Pagrerepaso ........ 23
Mga Aksyong Sibil, Kabilang ang Panahon Kung Kailan Ihahain ang mga Aksyong Iyon ........ 23
Mga Singil ng Abogado ........ 24

**Mga Pamamaraan Kapag Dinidisiplina ang mga Batang may mga Kapansanan ......................... 26**
Awtoridad ng mga Tauhan ng Paaralan ........................................................................ 26
Pagbabago sa Pagkakatalaga Dahil sa mga Pandisiplinang Pagtanggal ....................................... 29
Pagpapasya sa Kapaligiran........................................................................................ 29
Apela (Pinabilis na mga Pamamaraan sa Pagdinig na may Makatarungang Proseso).................. 29
Pagtatalaga sa Panahon ng mga Apela ........................................................................ 30
Mga Proteksyon Para sa mga Batang Hindi pa Karapat-Dapat Para sa Espesyal na Edukasyon at mga Kaugnay na Serbisyo ........................................................................ 30
Referral sa at Aksyon ng Tagapagpatupad ng Batas at mga Panghukumang Awtoridad .............. 31

**Pangkalahatan Unilateral na Pagtatalaga ng mga Magulang sa mga Anak sa mga Pribadong Paaralan na Sagutin ng Pamahalaan ........................................................ 32**
Pangkalahatan ............................................................................................................ 32

**Mga Mapagkukunan para sa Magulang**

# PANGKALAHATANG IMPORMASYON

## NAUNANG NAKASULAT NA PAUNAWA

34 CFR §300.503

### Paunawa

Dapat kayong bigyan ng Pampangasiwaang Yunit[1] o Programang Pinapatakbo ng Estado[2] ng nakasulat na paunawa (bigyan kayo ng partikular na impormasyon sa paraang nakasulat) kapag ito ay:

1. Nagmumungkahing simulan o baguhin ang pagtukoy, ebalwasyon o pang-edukasyong pagtatalaga sa inyong anak, o ang pagkakaloob ng libreng naaangkop na pampublikong edukasyon (FAPE) sa inyong anak; **o**
2. Tumangging simulan o baguhin ang pagtukoy, ebalwasyon o pang-edukasyong pagtatalaga sa inyong anak, o ang pagkakaloob ng FAPE sa inyong anak.

### Nilalaman ng paunawa

Ang nakasulat na paunawa ay dapat:

1. Ilarawan ang aksyong iminumungkahi o tinatanggihang gawin ang pampangasiwaang yunit[3];
2. Ipaliwanag kung bakit iminumungkahi o tinatanggihan ng pampangasiwaang yunit na gumawa ng aksyon;
3. Ilarawan ang bawat pamamaraan ng ebalwasyon, pagtatasa, rekord, o ulat na ginamit ng pampangasiwaang yunit sa pagpapasyang imungkahi o tanggihan ang aksyon;
4. Isama ang pahayag na mayroon kayong mga proteksyon alinsunod sa mga probisyon ng mga pamamaraan sa proteksyon sa Bahagi B ng Individuals with Disabilities Education Act (IDEA, Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na may mga Kapansanan);
5. Ipaalam sa inyo kung paano ninyo makukuha ang mga pamamaraan sa proteksyon kung ang aksyong iminumungkahi o tinatanggihan ng pampangasiwaang yunit ay hindi ang unang referral para sa ebalwasyon;
6. Isama ang mga mapagkukunan kung saan maaari kayong makipag-ugnay para makakuha ng tulong sa pag-unawa ng Bahagi B ng IDEA;
7. Ilarawan ang anumang iba pang mga mapagpipiliang isinaalang-alang ng Pangkat para sa programa ng pang-indibidwal na edukasyon (IEP) ng inyong anak at ang mga dahilan kung bakit tinanggihan ang mga mapagpipiliang iyon; **at**
8. Magkaloob ng paglalarawan ng iba pang mga dahilan kung bakit iminungkahi o tinanggihan ng pampangasiwaang yunit ang aksyon.

---

[1] Ang isang pampangasiwaang yunit ay nangangahulugang distrito ng paaralan, lupon ng mga nakikipagtulungang serbisyo, o instituto ng paaralang tsarter ng estado, na nagkakaloob ng mga serbisyong pang-edukasyon sa mga katangi-tanging bata.

[2] Ang Programang Pinapatakbo ng Estado ay nangangahulugang inaprubahang programa ng paaralan na pinangangasiwaan ng Kagawaran at pinapatakbo ng Colorado School for the Deaf and the Blind (Paaralan ng Colorado para sa Hindi Nakakarinig at Hindi Nakakakita), Department of Corrections (Kagawaran para sa Bilangguan), o ng Department of Human Services (Kagawaran ng mga Serbisyong Pantao), kabilang ang, ngunit hindi limitado sa Division of Youth Corrections (Dibisyon para sa Bilangguan sa Kabataan) at mga Mental Health Institute (Instituto para sa Kalusugan ng Pag-iisip) sa Fort Logan at Pueblo.

[3] Para sa mga layunin ng dokumentong ito, kapag ginagamit ang katagang “Pampangasiwaang Yunit,” ito rin ay nangangahulugang mga Programang Pinapatakbo ng Estado.

**Ang paunawa sa mauunawaang wika**

Ang paunawa ay dapat:

1. Nakasulat sa wikang mauunawaan ng pangkalahatang publiko; **at**
2. Ipagkaloob sa inyong katutubong wika o iba pang paraan ng komunikasyong ginagamit ninyo, maliban kung malinaw na hindi ito posibleng gawin.

Kung ang inyong katutubong wika o iba pang paraan ng komunikasyon ay hindi ang nakasulat na wika, dapat tiyakin ng pampangasiwaang yunit na:

1. Ang paunawa ay isinalin para sa inyo sa paraang pasalita sa pamamagitan ng ibang paraan sa inyong katutubong wika o iba pang paraan ng komunikasyon;
2. Nauunawaan ninyo ang nilalaman ng paunawa; **at**
3. Mayroong nakasulat na katibayang natugunan ang 1 at 2.

## KATUTUBONG WIKA

34 CFR §300.29

Ang **katutubong wika**, kapag ginagamit ng isang indibidwal na may limitadong kahusayan sa Ingles, ay nangangahulugang mga sumusunod:

1. Ang wikang karaniwang ginagamit ng taong iyon, o, sa kaso ng isang bata, ang wikang karaniwang ginagamit ng mga magulang ng bata;
2. Sa lahat ng direktang pakikipag-ugnayan sa isang bata (kabilang ang ebalwasyon sa bata), ang wikang karaniwang ginagamit ng bata sa tahanan o sa kapaligirang may pag-aaral.

Para sa isang taong hindi nakakarinig o nakakakita, o para sa isang taong walang nakasulat na wika, ang paraan ng komunikasyon ay ang karaniwang ginagamit ng tao (gaya ng wikang pasenyas, Braille, o pasalitang komunikasyon).

## ELEKTRONIKONG MAIL

34 CFR §300.505

Kung ang pampangasiwaang yunit ay naghahandog sa mga magulang ng mapagpipiliian sa pagtanggap ng mga dokumento sa pamamagitan ng e-mail, maaari ninyong piliing tanggapin ang mga sumusunod sa pamamagitan ng email:

1. Naunang nakasulat na paunawa;
2. Paunawa ng mga proteksyon sa pamamaraan; **at**
3. Mga Paunawang nauugnay sa reklamong may makatarungang proseso.

## PAHINTULOT NG MAGULANG - KAHULUGAN

34 CFR §300.9

Ang **pahintulot** ay nangangahulugang:

1. Ganap na ipinaalam sa inyo sa inyong katutubong wika o iba pang paraan ng komunikasyon (gaya ng wikang pasenyas, Braille, o pasalitang komunikasyon) ang lahat ng impormasyon tungkol sa aksyong binibigyan ninyo ng pahintulot;
2. Nauunawaan at sumasang-ayon kayo sa aksyong iyon sa paraang nakasulat, at inilalarawan sa pahintulot ang aksyong iyon at inililista ang mga rekord (kung mayroon) na ilalabas at para kanino;

3. Nauunawaan ninyong boluntaryo ang inyong pahintulot, na maaari ninyong bawiin (iurong) ang inyong pahintulot sa anumang oras, ngunit ang pagbawi ninyo sa pahintulot ay hindi sinasalungat (binabago) ang isang aksyong isinagawa na pagkatapos ninyong ibigay ang inyong pahintulot at bago ninyo ito binawi;
4. Kung babawiin (kakanselahin) ninyo ang inyong pahintulot sa paraang nakasulat ang pagtanggap ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon ng inyong anak, *pagkatapos* masimulan ng inyong anak ang pagtanggap ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, hindi inaatasan ang pampangasiwaang yunit na amyendahan (baguhin) ang mga rekord na pang-edukasyon ng inyong anak upang alisin ang anumang nagsasaad na nakatanggap ang inyong anak ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo.

**<u>PAHINTULOT NG MAGULANG</u>**
34 CFR §300.300

**Pahintulot para sa unang ebalwasyon**

Hindi maaaring magsagawa ang pampangasiwaang yunit ng unang ebalwasyon sa inyong anak upang pagpasyahan kung ang inyong anak ay karapat-dapat alinsunod sa Bahagi B ng IDEA upang makatanggap ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo nang hindi muna nagbibigay sa inyo ng paunang nakasulat na paunawa ng iminumungkahing aksyon at kinukuha ang inyong pahintulot gaya ng inilalarawan sa ilalim ng mga pamagat na **Paunang Nakasulat na Paunawa** at **Pahintulot ng Magulang.**

Dapat gumawa ng mga makatwirang pagsusumikap ang pampangasiwaang yunit upang makuha ang inyong may kabatirang pahintulot para sa unang ebalwasyon upang pagpasyahan kung ang inyong anak ay isang batang may kapansanan.

Ang inyong pahintulot para sa unang ebalwasyon ay hindi nangangahulugang nagbigay rin kayo ng pahintulot para simulan ng pampangasiwaang yunit ang pagkakaloob ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa inyong anak.

Hindi maaaring gamitin ng pampangasiwaang yunit ang inyong pagtanggi sa pahintulot sa isang serbisyo o aktibidad na nauugnay sa unang ebalwasyon bilang batayan para itanggi sa inyo o sa inyong anak ang anumang iba pang serbisyo, benepisyo, o aktibidad maliban kung may iba pang iniaatas sa Bahagi B na nag-aatas sa pampangasiwaang yunit na gawin ito.

Kung ang inyong anak ay nakatala sa pampublikong paaralan o kung kayo ay naghahangad na ipatala ang inyong anak sa isang pampublikong paaralan at tumanggi kayong magbigay ng pahintulot o hindi sumagot sa kahilingang magbigay ng pahintulot para sa unang ebalwasyon, ang pampangasiwaang yunit ay maaaring, ngunit hindi inaatasang, humiling na magsagawa ng unang ebalwasyon sa inyong anak sa pamamagitan ng paggamit ng pamamagitan o reklamong may makatarungang proseso ng IDEA, pagpupulong para sa resolusyon, at walang pinapanigang pagdinig na may makatarungang proseso (maliban kung iniaatas na gawin ito o pinagbabawalang gawin ito alinsunod sa batas ng Estado). Hindi lalabagin ng pampangasiwaang yunit ang obligasyon nitong hanapin, tukuyin at bigyan ng ebalwasyon ang inyong anak kung hindi nito ipagpupursigi ang ebalwasyon sa inyong anak sa mga pagkakataong ito, maliban kung inaatasan ito ng Batas na ipagpatuloy ang ebalwasyon.

**Mga espesyal na patakaran para sa unang ebalwasyon ng mga nasa pangangalaga ng Estado**

Kung ang isang bata ay nasa pangangalaga ng Estado at hindi naninirahan kasama ang kanyang magulang —

Hindi kinakailangan ng pampangasiwaang yunit ang pahintulot mula sa magulang para sa unang ebalwasyon upang malaman kung ang bata ay isang batang may kapansanan kung:

1. Sa kabila ng mga makatwirang pagsusumikap na gawin ito, hindi mahanap ng pampangasiwaang yunit ang magulang ng bata;
2. Inalisan ng mga karapatan ang mga magulang alinsunod sa batas ng Estado; **o**
3. Itinalaga ng hukom ang karapatang gumawa ng mga desisyon sa edukasyon at magpahintulot ng unang ebalwasyon sa isang indibidwal na bukod sa magulang.

Ang Nasa Pangangalaga ng Estado, gaya ng ginagamit sa IDEA, ay nangangahulugang isang bata, gaya ng napagpasyahan ng Estado kung saan naninirahan ang bata, na:

1. Foster na bata;
2. Itinuturing na nasa pangangalaga ng Estado alinsunod sa batas ng estado; **o**
3. Nasa kustodya ng pampublikong ahensya para sa kapakanan ng bata.

Hindi kasama sa Nasa Pangangalaga ng Estado ang foster na batang may foster na magulang.

**Pahintulot ng magulang para sa mga serbisyo**

Ang pampangasiwaang yunit ay dapat kunin ang inyong may kabatirang pahintulot bago magkaloob ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa inyong anak sa unang pagkakataon.

Ang pampangasiwaang yunit ay dapat gumawa ng mga makatwirang pagsusumikap upang kunin ang inyong may kabatirang pahintulot bago magkaloob ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa inyong anak sa unang pagkakataon.

Kung hindi kayo tumugon sa kahilingang ipagkaloob ang inyong pahintulot para makatanggap ang inyong anak ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa *unang pagkakataon*, o kung tumanggi kayong ibigay ang naturang pahintulot o sa kalaunan ay babawiin (kakanselahin) ang inyong pahintulot sa paraang nakasulat, hindi maaaring gamitin ng pampangasiwaang yunit ang mga proteksyon sa pamamaraan (iyon ay, mga pamamaraan sa pamamagitan, reklamong may makatarungang proseso, pagpupulong para sa resolusyon, o isang walang pinapanigang pagdinig na may makatarungang proseso) upang makuha ang pagsang-ayon o pagpapasyang ipagkaloob ang espesyal na edukasyon o mga kaugnay na serbisyo (inirerekomenda ng Pangkat ng IEP) sa inyong anak nang wala ang inyong pahintulot.

Kung tumanggi kayong ibigay ang inyong pahintulot para makatanggap ang inyong anak ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa unang pagkakataon, o kung hindi kayo tumugon sa kahilingang ibigay ang naturang pahintulot o sa kalaunan ay babawiin (kakanselahin) ang inyong pahintulot sa paraang nakasulat at, bilang resulta, ang pampangasiwaang yunit ay hindi nagkaloob sa inyong anak ng espesyal na edukasyon at kaugnay na serbisyo para kung saan hiningi nito ang inyong pahintulot, ang pampangasiwaang yunit ay:

1. Hindi lumalabag sa iniaatas na gawing makukuha ng inyong anak ang libreng naaangkop na pampublikong edukasyon (FAPE) para sa hindi nito pagkakaloob ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa inyong anak; at
2. Hindi inaatasang magdaos ng pagpupulong ng programa ng pang-indibidwal na edukasyon (IEP) o bumuo ng IEP para sa inyong anak para sa espesyal na edukasyon o mga kaugnay na serbisyo para kung saan hiniling ang inyong pahintulot.

Kung babawiin (kakanselahin) ang inyong pahintulot sa paraang nakasulat sa anumang oras pagkatapos unang mapagkalooban ang inyong anak ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, hindi maaaring ipagpatuloy ng pampangasiwaang yunit ang pagkakaloob ng mga naturang serbisyo, ngunit dapat magkaloob sa inyo ng paunang nakasulat na paunawa, gaya ng inilalarawan sa pamagat na **Paunang Nakasulat na Paunawa**, bago putulin ang mga serbisyong iyon.

**Pahintulot ng magulang para sa muling pagsasagawa ng mga ebalwasyon**

Dapat makuha ng pampangasiwaang yunit ang inyong may kabatirang pahintulot bago nito muling bigyan ng ebalwasyon ang inyong anak, maliban kung magagawang ipakita ng pampangasiwaang yunit na:

1. Gumawa ito ng mga makatwirang hakbang upang makuha ang inyong pahintulot para muling bigyan ng ebalwasyon ang inyong anak; **at**
2. Hindi kayo tumugon.

Kung tumanggi kayong muling mabigyan ang inyong anak ng ebalwasyon, ang pampangasiwaang yunit ay maaaring, ngunit hindi iniaatas dito, na ipursigi ang muling pagbibigay ng ebalwasyon sa inyong anak sa pamamagitan ng paggamit ng mga pamamaraan ng pamamagitan, reklamong may makatarungang proseso, pagpupulong para sa resolusyon, at walang pinapanigang pagdinig na may makatarungang proseso upang subukang manaig sa inyong pagtangging pahintulutan ang muling pagbibigay ng ebalwasyon sa inyong anak. Gaya ng mga unang ebalwasyon, hindi nilalabag ng pampangasiwaang yunit ang mga obligasyon nito alinsunod sa Bahagi B ng IDEA kung tumanggi itong ipursigi ang muling pagbibigay ng ebalwasyon sa paraang ito.

**Dokumentasyon ng mga makatwirang pagsusumikap upang makuha ang pahintulot ng magulang**

Dapat magpanatili ang pampangasiwaang yunit ng dokumentasyon ng mga makatwirang pagsusumikap sa pagkuha ng pahintulot ng magulang para sa mga unang ebalwasyon, upang magkaloob ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa unang pagkakataon, upang muling magbigay ng ebalwasyon at hanapin ang mga magulang ng mga nasa pangangalaga ng Estado para sa mga unang ebalwasyon. Dapat maging kasama sa ebalwasyon ang rekord ng mga pagtatangka ng pampangasiwaang yunit sa mga aspetong ito, gaya ng:

1. Mga detalyadong rekord ng mga tawag sa telepono na ginawa o tinangka at ang mga resulta ng mga tawag na iyon;
2. Mga kopya ng komunikasyong ipinadala sa inyo at anumang mga natanggap na tugon; **at**
3. Mga detalyadong rekord ng mga pagbisitang isinagawa sa inyong tahanan o lugar na pinagtatrabahuhan at ang mga resulta ng mga pagbisitang iyon.

**Iba pang mga iniaatas ng pahintulot**

Ang inyong pahintulot ay hindi iniaatas bago gawin ng pampangasiwaang yunit ang:

1. Pagrerepaso sa kasalukuyang datos bilang bahagi ng ebalwasyon o muling pagbibigay ng ebalwasyon sa inyong anak; o
2. Pagbibigay sa inyong anak ng pagsusulit o iba pang ebalwasyong ibinibigay sa lahat ng bata maliban kung, bago ang pagsusulit o ebalwasyon, iniaatas ang pahintulot mula sa lahat ng magulang ng lahat ng bata.

Maaaring hindi gamitin ng pampangasiwaang yunit ang inyong pagtanggi sa pahintulot sa isang serbisyo o aktibidad na itanggi sa inyo o sa inyong anak ang anumang iba pang serbisyo, benepisyo, o aktibidad.

Kung ipinatala ninyo ang inyong anak sa isang pribadong paaralan na sarili ninyong gastos, o kung pinag-aaral ninyo sa tahanan ang inyong anak, at hindi ninyo ipinagkakaloob ang inyong pahintulot sa unang ebalwasyon ng inyong anak o sa muling pagkakaroon ng ebalwasyon ng inyong anak, o hindi ninyo tinugunan ang kahilingang upang magbigay ng pahintulot, hindi maaaring gamitin ng pampangasiwaang yunit ang pahintulot nito upang manaig sa mga pamamaraan (iyon ay, pamamagitan, reklamong may makatarungang proseso, pagpupulong para sa resolusyon, o isang walang pinapanigang pagdinig na may makatarungang proseso) ay hindi inaatasang isaalang-alang kung ang

inyong anak ay karapat-dapat na tumanggap ng mga kapantay na serbisyo (iyon ay, mga serbisyong ipinagkakaloob sa mga batang may kapansanang inilagay ng magulang sa pribadong paaralan).

## MGA INDEPENDIYENTENG EBALWASYONG PANG-EDUKASYON

34 CFR §300.502

### Pangkalahatan

Gaya ng inilalarawan sa ibaba, may karapatan kayong kumuha ng independiyenteng ebalwasyong pang-edukasyon (IEE) para sa inyong anak kung hindi kayo sumasang-ayon sa ebalwasyon sa inyong anak na nakuha ng pampangasiwaang yunit,

Kung humiling kayo ng IEE, dapat kayong pagkalooban ng pampangasiwaang yunit ng impormasyon tungkol sa kung saan ninyo maaaring makuha ang isang IEE at tungkol sa mga pamantayan ng pampangasiwaang yunit na naaangkop sa mga IEE.

### Mga Kahulugan

Ang **independiyenteng ebalwasyong pang-edukasyon** ay nangangahulugang isang ebalwasyong isinasagawa ng isang kwalipikadong tagapagbigay ng eksamen na hindi nagtatrabaho sa pampangasiwaang yunit na responsable sa edukasyon ng inyong anak.

Ang **sagutin ng pamahalaan** ay nangangahulugang babayaran ng pampangasiwaang yunit ang buong gastos sa ebalwasyon o titiyakin na ang ebalwasyon ay, sa ibang paraan, ipagkakaloob nang hindi ninyo kailangang bayaran, alinsunod sa mga probisyon ng Bahagi B ng IDEA, na nagpapahintulot sa bawat Estado na gamitin ang anumang mga pang-Estado, lokal, Pederal at pribadong mapagkukunan ng suporta na makukuha sa Estado upang matugunan ang mga iniaatas ng Bahagi B ng Batas.

### Karapatan ng magulang sa ebalwasyong sagutin ng pamahalaan

May karapatan kayo sa IEE ng inyong anak na sagutin ng pamahalaan kung hindi kayo sumasang-ayon sa ebalwasyon sa inyong anak na nakuha ng pampangasiwaang yunit, na napapailalim sa mga sumusunod na kondisyon:

1. Kung humiling kayo ng IEE para sa inyong anak na sagutin ng pamahalaan, ang pampangasiwaang yunit ay dapat, na walang hindi kinakailangang pagkaantala: (a) Maghain ng reklamong may makatarungang proseso upang humiling ng isang pagdinig upang ipakita na ang ebalwasyon nito sa inyong anak ay naaangkop; o (b) Magkaloob ng IEE na sagutin ng pamahalaan, maliban kung ipapakita ng pampangasiwaang yunit sa pagdinig na ang ebalwasyon sa inyong anak na inyong nakuha ay hindi tumutugon sa mga pamantayan ng pampangasiwaang yunit.
2. Kung ang pampangasiwaang yunit ay humiling ng pagdinig at ang pinal na desisyon ay naaangkop ang ebalwasyon sa inyong anak ng pampangasiwaang yunit, mayroon pa rin kayong karapatan sa isang IEE, ngunit hindi magiging sagutin ng pamahalaan.
3. Kung humiling kayo ng IEE ng inyong anak, maaaring itanong sa inyo ng pampangasiwaang yunit kung bakit ninyo tinututulan ang ebalwasyon ng inyong anak na nakuha ng pampangasiwaang yunit. Ngunit hindi ka maaaring atasan ng pampangasiwaang yunit na magbigay ng paliwanag at hindi maaaring iantala sa hindi makatwirang paraan ang pagkakaloob ng IEE para sa inyong anak na sagutin ng pamahalaan o ang paghahain ng reklamong may makatarungang proseso upang humiling ng pagdinig na may makatarungang proseso upang depensahan ang ebalwasyon ng pampangasiwaang yunit sa inyong anak.

Nararapat kayo sa iisa lamang na independiyenteng ebalwasyong ppang-edukasyon para sa inyong anak na sagutin ng pamahalaan sa bawat pagkakataong nagsasagawa ang pampangasiwaang yunit ng ebalwasyon sa inyong anak na hindi ninyo sinasang-ayunan.

### Mga ebalwasyong sinimulan ng magulang

Kung kumuha kayo ng isang independiyenteng ebalwasyong pang-edukasyon para sa inyong anak na gastos ng pamahalaan o ibinahagi ninyo sa pampangasiwaang yunit ang ebalwasyon ng inyong anak na inyong nakuha na sarili ninyong gastos:

1. Dapat isaalang-alang ng pampangasiwaang yunit ang mga resulta ng ebalwasyon ng inyong anak, kung tumutugon ito sa mga pamantayan ng pampangasiwaang yunit para sa mga IEE, sa anumang desisyong ginawa kaugnay ng pagkakaloob ng libreng naaangkop na pampublikong edukasyon (FAPE) sa inyong anak; **at**
2. Kayo at ang pampangasiwaang yunit ay maaaring iharap ang ebalwasyon bilang katibayan ng pagdinig na may makatarungang proseso tungkol sa inyong anak.

### Mga kahilingan para sa ebalwasyon ng mga hukom ng pampangasiwaang batas

Kung humiling ang hukom ng pampangasiwaang batas ng independiyenteng ebalwasyong pang-edukasyon para sa inyong anak bilang bahagi ng pagdinig na may makatarungang proseso, ang gastos sa ebalwasyon ay dapat maging sagutin ng pamahalaan.

### Mga pamantayan ng Pampangasiwaang Yunit

Kung ang independiyenteng ebalwasyong pang-edukasyon ay sagutin ng pamahalaan, ang mga pamantayan kung saan kinukuha ang ebalwasyon, kabilang ang lokasyon ng ebalwasyon at mga kuwalipikasyon ng tagapagbigay ng eksamen, ay dapat maging katulad ng sa mga pamantayang ginagamit ng pampangasiwaang yunit kapag sinisimulan nito ang ebalwasyon (sa abot na ang mga pamantayang iyon ay naaayon sa inyong karapatan sa isang independiyenteng ebalwasyong pang-edukasyon).

Maliban sa mga pamantayang inilalarawan sa itaas, hindi maaaring magpataw ng mga kondisyon o takdang panahon ang pampangasiwaang yunit na nauugnay sa pagkuha ng independiyenteng ebalwasyong pang-edukasyon na gastusin ng pamahalaan.

## PAGIGING KUMPIDENSYAL NG IMPORMASYON

### MGA KAHULUGAN

34 CFR §300.611

Gaya ng ginamit sa ilalim ng pamagat na **Pagiging Kumpidensyal ng Impormasyon**:

Ang **pagsira** ay nangangahulugang pisikal na pagsira o pag-alis ng mga personal na pantukoy mula sa impormasyon nang sa gayon ang impormasyon ay hindi na personal na matutukoy.

Ang **mga rekord na pang-edukasyon** ay nangangahulugang uri ng mga rekord na sakop alinsunod sa kahulugan ng mga “rekord na pang-edukasyon” sa 34 CFR Bahagi 99 (mga regulasyong nagpapatupad sa Family Educational Rights and Privacy Act ng 1974, 20 U.S.C. 1232g (FERPA)).

Ang **nakikibahaging ahensya** ay nangangahulugang anumang pampublikong ahensya o institusyon na nangongolekta, nagpapanatili, o gumagamit ng personal na matutukoy na impormasyon, o mula kung saan ang impormasyon ay nakuha, alinsunod sa Bahagi B ng IDEA.

**PERSONAL NA MATUTUKOY**
34 CFR §300.32

Ang **personal na matutukoy** ay nangangahulugang impormasyong mayroong:

(a) Pangalan ng inyong anak, inyong pangalan bilang magulang, o pangalan ng iba pang miyembro ng pamilya;

(b) Address ng inyong anak;

(c) Isang personal na pantukoy, gaya ng social security number (numero ng seguridad na panlipunan) o student number (numero ng estudyante) ng inyong anak; **o**

(d) Isang listahan ng mga personal na katangian o iba pang impormasyong gagawing posible ang pagtukoy sa inyong anak ng may makatwirang katiyakan.

**PAUNAWA SA MGA MAGULANG**
34 CFR §300.612

Ang Kagawaran ng Edukasyon ng Colorado (CDE) ay dapat magbigay ng paunawang naaangkop upang ganap na ipaalam sa mga magulang ang tungkol sa pagiging kumpidensyal ng matutukoy na impormasyon, kabilang ang:

1. Isang paglalarawan ng abot ng ibinibigay na paunawa sa mga katutubong wika ng iba't ibang grupo ng populasyon sa Estado;
2. Isang paglalawaran ng mga batang pinananatili ang personal na matutukoy na impirmasyon, ang mga uri ng impormasyong hinihingi, ang mga paraang nilalayong gamitin ng Estado sa paglikom ng impormasyon (kabilang ang mga pinagmumulang kung saan nilikom ang impormasyon), at ang mga gagawing paggamit sa impormasyon;
3. Isang buod ng mga patakaran at pamamaraang dapat sundin ng mga nakikibahaging ahensya tungkol sa pagtatabi, pagsisiwalat sa mga ikatlong partido, pagpapanatili, at pagsira ng personal na matutukoy na impormasyon; **at**
4. Isang paglalarawan ng lahat ng karapatan ng mga magulang at bata hinggil sa impormasyong ito, kabilang ang mga karapatan alinsunod sa Family Educational Rights and Privacy Act (FERPA, Batas sa mga Karapatan sa Edukasyon at Pagkapribado ng Pamilya) at ang mga ipinapatupad na regulasyon nito sa 34 CFR Bahagi 99.

Bago ang anumang pangunahing aktibidad ng pagtukoy, paghahanap, o ebalwasyon (tinatwag ding "paghahanap ng bata"), dapat ilathala o ianunsyo ang paunawa sa mga pahayagan o ibang media, o pareho, na may sapat na sirkulasyon upang abisuhan ang mga magulang sa buong Estado ng aktibidad na hanapin, tukuyin, at bigyan ng ebalwasyon ang mga batang nangangailangan ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo.

**MGA KARAPATAN SA PAG-ACCESS**
34 CFR §300.613

Dapat kayong pahintulutan ng kalahok na ahensyang siyasatin at repasuhin ang anumang mga rekord na pang-edukasyong nauugnay sa inyong anak na kinokolekta, pinananatili, o ginagamit ng pampangasiwaang yunit alinsunod sa Bahagi B ng IDEA. Ang nakikibahaging ahensya ay dapat sumunod sa inyong kahilingang siyasatin at pag-aralan ang anumang mga rekord na pang-edukasyon ng inyong anak nang walang hindi kinakailangang pagkaantala at bago ang anumang pagpupulong hinggil sa programa ng pang-indibidwal na edukasyon (IEP), o anumang walang pinapanigang pagdinig na may makatarungang proseso (kabilang ang pagpupulong para sa resolusyon o pagdinig hinggil sa disiplina), at sa anumang pagkakataon ay hindi lalampas ng 45 araw pagkatapos ninyong gawin ang kahilingan.

Kabilang sa inyong karapatang siyasatin at pag-aralan ang mga rekord na pang-edukasyon ang:

1. Inyong karapatan sa tugon mula sa nakikibahaging ahensya sa inyong mga makatwirang kahilingan para sa mga paliwanag at pagpapakahulugan ng mga rekord;
2. Inyong karapatang humiling na magkaloob ang nakikibahaging ahensya ng mga kopya ng mga rekord kung hindi ninyo epektibong masisiyasat at mapapag-aralan ang mga rekord maliban kung natanggap ninyo ang mga kopyang iyon; **at**
3. Ang inyong karapatang magkaroon ng kinatawang magsisiyasat at pag-aaralan ang mga rekord.

Maaaring ipagpalagay ng nakikibahaging ahensya na mayroon kayong awtoridad na siyasatin at pag-aralan ang mga rekord na nauugnay sa inyong anak maliban kung ipinaalam sa kanilang wala kayong awtoridad alinsunod sa naaangkop na batas ng Estado na namamahala sa mga naturang bagay gaya ng guardianship (pagiging tagapag-alaga), o pakikipaghiwalay sa katuwang sa buhay at diborsyo.

**REKORD NG PAG-ACCESS**
34 CFR §300.614

Ang bawat nakikibahaging ahensya ay dapat panatilihin ang rekord ng mga partidong kumukuha ng access sa mga rekord na pang-edukasyon na kinolekta, pinanatili, o ginamit alinsunod sa Bahagi B ng IDEA (maliban sa access ng mga magulang at mga awtorisadong empleyado ng nakikibahaging ahensya), kabilang ang pangalan ng partido, petsa kung kailan ibinigay ang access, at ang layunin ng pag-awtorisa sa partido na gamitin ang mga rekord.

**MGA REKORD SA MAHIGIT NA ISANG ANAK**
34 CFR §300.615

Kung anumang rekord na pang-edukasyon ang kinabibilangan ng impormasyon hinggil sa mahigit sa isang bata, ang mga magulang ng mga batang iyong ay may karapatang siyasatin at pag-aralan ang mga impormasyong nauugnay lamang sa kanilang anak o mabigyan ng kaalaman tungkol sa partikular na impormasyong iyon.

**LISTAHAN NG MGA URI AT LOKASYON NG IMPORMASYON**
34 CFR §300.616

Kapag hiniling, ang bawat nakikibahaging ahensya ay dapat magbigay sa inyo ng listahan ng mga uri at lokasyon ng mga rekord na pang-edukasyon na kinolekta, pinanatili, o ginamit ng ahensya.

**MGA SINGIL**
34 CFR §300.617

Ang bawat nakikibahaging ahensya ay maaaring magpataw ng singil para sa mga kopya ng mga rekord na ginawa para sa inyo alinsunod sa Bahagi B ng IDEA, kung ang singil ay hindi epektibong pumipigil sa inyong gamitin ang inyong karapatang siyasatin at pag-aralan ang mga rekord na iyon.

Ang nakikibahaging ahensya ay hindi maaaring magpataw ng singil upang manaliksik ng o kumuha ng impormasyon alinsunod sa Bahagi B ng IDEA.

**PAGBABAGO SA MGA REKORD NA HINILING NG MAGULANG**
34 CFR §300.618

Kung naniniwala kayo na ang impormasyon sa mga rekord na pang-edukasyon tungkol sa inyong anak na kinolekta, pinananatili, o ginamit alinsunod sa Bahagi B ng IDEA ay hindi tumpak, mapanlinlang, o

lumalabag sa pagkapribado o ibang mga karapatan ng inyong anak, maaari ninyong hilingin sa nakikibahaging ahensya na nagpapanatili sa impormasyon na baguhin ang impormasyong iyon.

Ang nakikibahaging ahensya ay dapat magpasya kung babaguhin ang impormasyon alinsunod sa inyong kahilingan sa loob ng makatwirang panahon mula nang matanggap ang inyong kahilingan.

Kung ang nakikibahaging ahensya ay tumangging palitan ang impormasyon nang alinsunod sa inyong kahilingan, dapat nitong ipaalam sa inyo ang pagtanggi at ipaalam sa inyo ang karapatan sa pagdinig para sa layuning ito gaya ng inilalarawan sa ilalim ng pamagat na **Oportunidad para sa Pagdinig**.

**OPORTUNIDAD PARA SA PAGDINIG**
34 CFR §300.619

Ang nakikibahaging ahensya ay dapat, sa pamamagitan ng kahilingan, pagkalooban kayo ng pagkakataon para sa isang pagdinig na hamunin ang impormasyon sa mga rekord na pang-edukasyon hinggil sa inyong anak upang tiyakin na ito ay tumpak, hindi mapanlinlang, o kaya ay hindi lumalabag sa pagkapribado o iba pang mga karapatan ng inyong anak.

**MGA PAMAMARAAN SA PAGDINIG**
34 CFR §300.621

Isang pagdinig upang hamunin ang impormasyon sa mga rekord na pang-edukasyon ang dapat isagawa nang alinsunod sa mga pamamaraan para sa mga naturang pagdinig sa ilalaim ng Family Educational Rights and Privacy Act (FERPA).

**RESULTA NG PAGDINIG**
34 CFR §300.620

Kung, bilang resulta ng pagdinig, ang nakikibahaging ahensya ay nagpasya na ang impormasyon ay hindi tumpak, mapanlinlang, o kaya ay lumalabag sa pagkapribado o ibang mga karapatan ng inyong anak, dapat nitong baguhin ang impormasyon nang nararapat at ipaalam ito sa inyo sa paraang nakasulat.

Kung, bilang resulta ng pagdinig, ang nakikibahaging ahensya ay nagpasya na ang impormasyon ay tumpak, hindi mapanlinlang, o kaya ay hindi lumalabag sa pagkapribado o ibang mga karapatan ng inyong anak, dapat nitong ipaalam sa inyo ang inyong karapatang ilagay sa rekord na pinananatili nito ang pahayag hinggil sa inyong anak sa pagkokomento sa impormasyon o pagbibigay ng mga dahilang hindi ninyo sinasang-ayunan sa desisyon ng nakikibahaging ahensya.

Ang naturang paliwanag na inilagay sa mga rekord ng inyong anak ay dapat:

1. Mapanatili ng nakikibahaging ahensya bilang bahagi ng mga rekord ng inyong anak hangga't ang rekord o sinasalungat na bahagi ay pinananatili ng nakikibahaging ahensya; **at**
2. Kung isiniwalat ng nakikibahaging ahensya ang mga rekord ng inyong anak o hinamon ang bahagi sa sinumang panig, dapat ding isiwalat ang paliwanag sa panig na iyon.

**PAHINTULOT PARA SA PAGSISIWALAT NG PERSONAL NA MATUTUKOY NA IMPORMASYON**
34 CFR §300.622

Maliban kung ang impormasyon ay nakapaloob sa mga rekord na pang-edukasyon, at kung inawrtorisahan ang pagsisiwalat nang walang pahintulot ng magulang alinsunod sa Family Educational Rights and Privacy Act (FERPA), ang inyong pahintulot ay dapat makuha bago isiwalat ang personal na matutukoy na impormasyon sa mga panig maliban sa mga opisyal ng mga nakikibahaging ahensya. Maliban kung sa mga pagkakataong tinukoy sa ibaba, hindi iniaatas ang inyong pahintulot bago ilabas ang personal na matutukoy na impormasyon sa mga opisyal ng nakikibahaging ahensya para sa mga layunin ng pagtugon sa iniaatas ng Bahagi B ng IDEA.

Ang inyong pahintulot, o pahintulot ng karapat-dapat na batang nasa hustong gulang alinsunod sa batas ng Estado, ay dapat kunin bago ilabas ang personal na matutukoy na impormasyon sa mga opisyal ng mga nakikibahaging ahensyang nagkakaloob o binabayaran ang mga serbisyo para sa transisyon.

Kung ang inyong anak ay pumapasok sa, o papasok sa, isang pribadong paaralan na hindi matatagpuan sa parehong pampangasiwaang yunit kung saan kayo ay naninirahan, dapat makuha ang inyong pahintulot bago ilabas ang anumang personal na matutukoy na impormasyon sa pagitan ng mga opisyal ng pampangasiwaang yunit kung saan matatagpuan ang pribadong paaralan at ng mga opisyal ng pampangasiwaang yunit kung saan kayo ay naninirahan.

### MGA PROTEKSYON

34 CFR §300.623

Ang bawat nakikibahaging ahensya ay dapat protektahan ang pagiging kumpidensyal ng personal na matutukoy na impormasyon pagdating sa mga yugto ng pagkolekta, pagtatabi, pagsisiwalat, at pagsira.

Dapat maging tungkulin ng opisyal ng nakikibahaging ahensya ang pagtitiyak ng pagiging kumpidensyal ng anumang personal na matutukoy na impormasyon.

Ang lahat ng taong nangongolekta o gumagamit ng personal na matutukoy na impormasyon ay dapat tumanggap ng pagsasanay o tagubilin tungkol sa mga patakaran at pamamaraan ng inyong Estado tungkol sa pagiging kumpidensyal alinsunod sa Bahagi B ng IDEA at ng Family Educational Rights and Privacy Act (FERPA).

Ang bawat nakikibahaging ahensya ay dapat magpanatili, para sa pampublikong inspeksyon, ng kasalukuyang listahan ng mga pangalan at posisyon ng mga empleyadong iyon sa loob ng ahensyang maaaring magkaroon ng access sa personal na matutukoy na impormasyon.

### PAGSIRA NG IMPORMASYON

34 CFR §300.624

Dapat ipaalam sa inyo ng pampangasiwaang yunit kung kailan hindi na kailangan ang personal na matutukoy na impormasyong kinolekta, pinanatili, o ginamit upang magkaloob ng mga serbisyong pang-edukasyon sa inyong anak.

Ang impormasyon ay dapat sirain kapag inyong hiniling. Ngunit, ang permanenteng rekord ng pangalan ng inyong anak, address, at numero ng telepono, kanyang mga marka, rekord ng pagpasok sa klase, mga klaseng pinasukan, nakumpletong baitang, at taong nakumpleto ay maaaring panatilihin nang walang limitasyon sa panahon.

## MGA PAMAMARAAN SA REKLAMO SA ESTADO

### ANG PAGKAKAIBA SA PAGITAN NG MGA PAMAMARAAN NG PAGDINIG PARA SA REKLAMONG MAY MAKATARUNGANG PROSESO AT REKLAMO SA ESTADO

Ang mga regulasyon para sa Bahagi B ng IDEA ay nagtakda ng mga hiwalay na pamamaraan para sa mga reklamo sa Estado at para sa mga reklamong may makatarungang proseso.  Gaya ng ipinapaliwanag sa ibaba, ang sinumang indibidwal o ang anumang organisasyon ay maaaring maghain ng isang pinirmahan, nakasulat na reklamo sa Estado na nagsasaad ng paglabag sa anumang iniaatas sa Bahagi B ng pampangasiwaang yunit o Kagawaran ng Edukasyon ng Colorado (CDE).  Ang magulang o pampangasiwaang yunit lamang ang maaaring maghain ng reklamong may makatarungang

proseso sa anumang bagay na nauugnay sa mungkahi o pagtangging simulan o baguhin ang pagtukoy, ebalwasyon o pagtatalagang pang-edukasyon ng isang batang may kapansanan, o ang pagkakaloob ng libreng naaangkop na pampublikong edukasyon (FAPE) sa bata. Karaniwan, ang Opisyal sa mga Reklamo sa Estado ng CDE ay dapat lutasin ang reklamo sa Estado sa loob ng 60 na araw na itinakdang panahon, maliban kung pinalawig sa tamang paraan ang itinakdang panahon. Samantala, dapat lutasin ng isang hukom ng pampangasiwaang batas (ALJ) ang reklamong may makatarungang proseso (kung hindi nalutas sa pamamagitan ng pagpupulong para sa resolusyon o sa pamamagitan ng pamamagitan) at maglabas ng nakasulat na desisyon sa loob ng 45 araw pagkatapos ng pagwawakas ng panahon ng resolusyon, gaya ng inilalarawan sa dokumentong ito sa ilalim ng pamagat na **Proseso ng Resolusyon**. Sa kahilingan ng isa sa mga panig, maaaring igawad ng ALJ ang partikular na pagpapalawig sa takdang panahon ng reklamong may makatarungang proseso. Ang mga pamamaraan ng reklamo sa Estado, reklamong may makatarungang proseso, mga pagpupulong para sa resolusyon at pagdinig na may makatarungang proseso mas higit na inilalarawan, sa ibaba.

## PAGPAPATIBAY NG MGA PAMAMARAAN SA REKLAMO SA ESTADO
34 CFR §300.151

### Pangkalahatan

Dapat magkaroon ang CDE ng mga nakasulat na pamamaraan para sa:

1. Paglutas ng anumang reklamo, kabilang ang reklamong inihain ng isang organisasyon o indibidwal mula sa ibang Estado;
2. Paghahain ng reklamo sa CDE; at
3. Malawakang pamamahagi ng mga pamamaraan ng reklamo sa Estado sa mga magulang at iba pang mga interesadong indibidwal, kabilang ang mga sentro ng pagsasanay at impormasyon para sa magulang, ahensya para sa proteksyon at pagtataguyod, sentro ng independiyenteng pamumuhay, at iba pang naaangkop na entidad.

### Mga remedyo sa pagtanggi ng mga naaangkop na serbisyo

Sa paglutas ng reklamo sa Estado kung saan natuklasan ng CDE ang hindi pagkakaloob ng mga naaangkop na serbisyo, dapat tugunan ng CDE ang:

1. Hindi pagkakaloob ng mga naaangkop na serbisyo, kabilang ang aksyon ng pagtatama na naaangkop upang tugunan ang mga pangangailangan ng bata; **at**
2. Naaangkop na pagkakaloob ng mga serbisyo sa hinaharap para sa lahat ng batang may mga kapansanan.

## PINAKAMALILIIT NA PAMAMARAAN SA REKLAMO SA ESTADO
34 CFR §300.152

### Limit sa panahon; pinakamaliliit na pamamaraan

Dapat isama ng CDE sa mga pamamaraan nito ng reklamo sa Estado ang limit sa panahon ng 60 araw pagkatapos maihain ang reklamo upang:

1. Magsagawa ng isang independiyenteng imbestigasyon sa lugar, kung napagpasyahan ng CDE na kailangan ang imbestigasyon;
2. Bigyan ang nagrereklamo ng pagkakataong magsumite ng karagdagang impormasyon, nang pasalita o sa paraang nakasulat, tungkol sa mga alegasyon sa reklamo;
3. Pagkalooban ang pampangasiwaang yunit ng pagkakataong tumugon sa reklamo, kabilang ang, sa pinakamababa: (a) sa opsyon ng ahensya, isang mungkahing lutasin ang reklamo; **at** (b) isang

pagkakataon para sa magulang na naghain ng reklamo at ahensya na boluntaryong magkasundong makibahagi sa pamamagitan;

4. Pag-aralan ang lahat ng kaukulang impormasyon at gumawa ng independiyenteng pagpapasya kung nilalabag ng pampangasiwaang yunit ang iniaatas sa Bahagi B ng IDEA; **at**
5. Maglabas ng nakasulat na desisyon sa nagrereklamo na tumutugon sa bawat alegasyon sa reklamo at naglalaman ng: (a) mga natuklasang katotohanan at kongklusyon; **at** (b) mga dahilan para sa pinal na desisyon ng CDE.

**Pagpapalawig ng panahon; pinal na desisyon; pagpapatupad**

Ang mga pamamaraan ng CDE na inilalarawan sa itaas ay dapat ding:

1. Magpahintulot lamang ng pagpapalawig na 60 araw kung: (a) umiiral ang mga katangi-tanging pagkakataon kaugnay ng partikular na reklamo sa Estado; **o** (b) kayo at ang pampangasiwaang yunit o ang iba pang pampublikong ahensyang nakikibahagi ay boluntaryong sumasang-ayon na palalawigin ang panahon upang lutasin ang bagay sa pamamagitan ng pamamagitan o mga alternatibong pamamaraan ng resolusyon ng hindi pagkakasundo.
2. Isama ang mga pamamaraan para sa epektibong pagpapatupad ng pinal na desisyon ng CDE, kung kailangan, kabilang ang: (a) mga aktibidad para sa teknikal na tulong; (b) mga negosasyon; **at** (c) mga aksyon ng pagtatama upang maisakatuparan ang pagsunod.

**Mga reklamo sa Estado at mga pagdinig na may makatarungang proseso**

Kung ang nakasulat na reklamo ng Estado ay natanggap at pakay rin ng pagdinig na may makatarungang proseso gaya ng inilalarawan sa ibaba alinsunod sa pamagat na **Paghahain ng Reklamong may Makatarungang Proseso**, o ang reklamo sa Estado ay naglalaman ng maraming isyu kung saan isa o higit pa ay bahagi ng naturang pagdinig, dapat isaisantabi ang reklamo sa Estado, o anumang bahagi ng reklamo ng Estado na tinutugunan sa pagdinig na may makatarungang proseso hanggang sa matapos ang pagdinig. Ang anumang isyu sa reklamo sa Estado na hindi bahagi ng pagdinig na may makatarungang proseso ay dapat malutas gamit ang limit sa panahon at mga pamamaraang inilalarawan sa itaas.

Kung ang isyung ipinahayag sa reklamo sa Estado ay dati nang napagpasyahan sa isang pagdinig na may makatarungang prosesong kabahagi ang dalawang panig (kayo at ang pampangasiwaang yunit), ang desisyon sa pagdinig na may makatarungang proseso ay dapat sundin pagdating sa isyung iyon at dapat ipaalam ng CDE sa nagrereklamo na dapat sundin ang desisyon.

Ang isang reklamong nagsasaad ng hindi pagpapatupad ng pampangasiwaang yunit ng desisyon sa pagdinig na may makatarungang proseso ay dapat lutasin ng CDE.

## PAGHAHAIN NG REKLAMO

34 CFR §300.153

Ang isang organisasyon o indibidwal ay maaaring maghain ng pinirmahang nakasulat na reklamo sa Estado alinsunod sa mga pamamaraang inilalarawan sa itaas.

Dapat isama sa reklamo sa Estado ang:

1. Isang pahayag na nilabag ng pampangasiwaang yunit ang iniaatas alinsunod sa Bahagi B ng IDEA o ang mga regulasyon nito;
2. Mga katotohanang pinagbabatayan ng pahayag;
3. Pirma at impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa panig na naghahain ng reklamo; at

4. Kung nagpapahayag ng mga paglabag hinggil sa partikular na bata:
   (a) Ang pangalan ng bata at address ng tirahan ng bata;
   (b) Ang pangalan ng paaralan kung saan pumapasok ang bata;
   (c) Sa kaso ng bata o kabataang walang tirahan, ang makukuhang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa bata, at ang pangalan ng paaralang pinapasukan ng bata;
   (d) Isang paglalarawan ng katangian ng problema ng bata, kabilang ang mga katotohanang nauugnay sa problema; **at**
   (e) Isang iminumungkahing resolusyon sa problema sa abot na nalalaman at makukuha ng panig na naghahain ng reklamo sa panahong inihain ang reklamo.

Dapat isaad sa reklamo ang paglabag na naganap nang hindi lalampas ng isang taon pago ang petsang natanggap ang reklamo gaya ng inilalarawan alinsunod sa pamagat na **Pagpapatibay ng mga Pamamaraan ng Reklamo sa Estado**.

Ang panig na naghahain ng reklamo sa Estado ay dapat magpadala ng kopya ng reklamo sa pampangasiwaang yunit na nagkakaloob ng serbisyo sa bata sa parehong pagkakataon kung kailan naghahain ng reklamo ang panig sa CDE.

Maaari kayong makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga pamamaraan ng Reklamo ng Estado at mga form sa pamamagitan ng pagtawag sa Exceptional Student Leadership Unit (Yunit ng Pamumuno ng Katangi-tanging Estudyante) ng CDE sa (303)866-6694 o pagpunta sa Web Page ng CDE sa Resolusyon sa Hindi Pagkakasundo: http://www.cde.state.co.us/spedlaw/info.htm.

# MGA PAMAMARAAN SA REKLAMONG MAY MAKATARUNGANG PROSESO

## PAGHAHAIN NG REKLAMONG MAY MAKATARUNGANG PROSESO

34 CFR §300.507

### Pangkalahatan

Kayo o ang pampangasiwaang yunit ay maaaring maghain ng reklamong may makatarungang proseso sa anumang bagay na nauugnay sa mungkahi o pagtangging simulan o baguhin ang pagtukoy, ebalwasyon o pagtatalagang pang-edukasyon ng inyong anak, o ang pagkakaloob ng libreng naaangkop na pampublikong edukasyon (FAPE) sa inyong anak.

Dapat isaad sa reklamong may makatarungang proseso ang paglabag na ginawa nang hindi hihigit sa dalawang taon bago nalaman o dapat na nalaman ninyo o ng pampangasiwaang yunit ang tungkol sa sinasabing aksyon na naging batayan sa reklamong may makatarungang proseso.

Ang itinakdang panahon sa itaas ay hindi naaangkop sa inyo kung hindi kayo makapaghain ng reklamong may makatarungang proseso sa loob ng itinakdang panahon dahil:

1. Ang pampangasiwaang yunit ay partikular na nagsinungaling na nalutas na nito ang mga isyung tinukoy sa reklamo; **o**
2. Ipinagkait ng pampangasiwaang yunit ang impormasyon mula sa inyo na iniatas ditong ipagkaloob sa inyo alinsunod sa Bahagi B ng IDEA.

### Impormasyon para sa mga magulang

Dapat ipaalam sa inyo ng pampangasiwaang yunit ang anumang libre o nasa mababang halagang legal at iba pang nauukol na serbisyong makukuha sa lugar kung humiling kayo ng impormasyon, o kung kayo o ang pampangasiwaang yunit ay naghain ng reklamong may makatarungang proseso.

## REKLAMONG MAY MAKATARUNGANG PROSESO

34 CFR §300.508

### Pangkalahatan

Upang humiling ng pagdinig, kayo o ang pampangasiwaang yunit (o ang inyong abogado o ang abogado ng pampangasiwaang yunit) ay dapat magsumite ng reklamong may makatarungang proseso sa kabilang panig. Ang reklamong iyon ay dapat maglaman ng lahat ng nilalamang nakalista sa ibaba at dapat maging kumpidensyal.

Kayo o ang pampangasiwaang yunit, sinuman ang naghain ng reklamo, ay dapat ding bigyan ang Kagawaran ng Edukasyon ng Colorado (CDE) ng kopya ng reklamo.

### Nilalaman ng reklamo

Dapat maging kabilang sa reklamong may makatarungang proseso ang:

1. Pangalan ng bata;
2. Address ng tirahan ng bata;
3. Pangalan ng paaralan ng bata;
4. Kung walang tirahan ang bata o kabataan, ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng bata at ang pangalan ng paaralan ng bata;
5. Isang paglalarawan ng katangian ng problema ng bata na nauugnay sa imumungkahi o tinanggihang aksyon, kabilang ang mga katotohanang nauugnay sa problema; **at**
6. Isang iminumungkahing resolusyon sa problema sa abot na nalalaman at makukuha ninyo o ng pampangasiwaang yunit sa panahong iyon.

### Iniaatas ang paunawa bago ang pagdinig sa reklamong may makatarungang proseso

Kayo o ang pampangasiwaang yunit ay maaaring hindi magkaroon ng pagdinig na may makatarungang proseso hanggang sa kayo o ang pampangasiwaang yunit (o ang inyong abogado o ang abogado ng pampangasiwaang yunit), ay naghain ng reklamong may makatarungang prosesong naglalaman ng impormasyong nakalista sa itaas.

### Pagiging sapat ng reklamo

Upang maisagawa ang reklamong may makatarungang proseso, dapat itong maituring na sapat. Ituturing na sapat ang isang reklamong may makatarungang proseso (natugunan ang mga iniaatas na nilalaman na inilalarawan sa itaas) maliban kung ang panig na tumatanggap ng reklamong may makatarungang proseso (kayo o ang pampangasiwaang yunit) ay inabisuhan ang nakatalagang hukom ng pampangasiwaang batas (ALJ) at ang ibang panig sa paraang nakasulat, sa loob ng 15 araw ng pagkakatanggap sa reklamo, na ang tumatanggap na panig ay naniniwala na ang reklamong may makatarungang proseso ay hindi tumutugon sa iniaatas na nakalista sa itaas.

Sa loob ng limang araw mula nang matanggap ang paunawa na itinuturing ninyo o ng pampangasiwaang yunit na hindi sapat ang reklamong may makatarungang proseso, dapat magpasya ang ALJ kung ang reklamong may makatarungang proseso ay tumutugon sa mga iniaatas na nakalista sa itaas, at agad abisuhan kayo at ang pampangasiwaang yunit sa paraang nakasulat.

### Pagbabago sa reklamo

Kayo o ang pampangasiwaang yunit ay maaari lamang baguhin ang (gumawa ng mga pagbabago sa) reklamo kung:

1. Pinahihintulutan ng kabilang panig sa paraang nakasulat ang mga pagbabago at binigyan ng pagkakataong lutasin ang reklamong may makatarungang proseso sa pamamagin ng pagpupulong para sa resolusyon na inilalarawan sa ibaba; **o**
2. Nagbigay ng pahintulot ang ALJ na baguhin ang reklamo nang hindi lalampas ng limang araw bago magsimula ang pagdinig na may makatarungang proseso.

Kung ang panig na nagrereklamo (kayo o ang pampangasiwaang yunit) ay gumawa ng mga pagbabago sa reklamong may makatarungang proseso, ang mga itinakdang panahon para sa pagpupulong para sa resolusyon (sa loob ng 15 araw mula nang matanggap ang reklamo) at ang panahon para sa resolusyon (sa loob ng 30 araw mula nang matanggap ang reklamo) ay muling magsisimula sa petsa kung kailan inihain ang binagong reklamo.

**Tugon ng Pampangasiwaang Yunit sa reklamong may makatarungang proseso**

Kung ang pampangasiwaang yunit ay hindi nagpadala sa inyo ng paunang nakasulat na paunawa, gaya ng inilalarawan sa ilalim ng pamagat na **Paunang Nakasulat na Paunawa**, tungkol sa paksang nakapaloob sa inyong reklamong may makatarungang proseso, ang pampangasiwaang yunit, sa loob ng 10 araw ng pagtanggap ng reklamong may makatarungang proseso, ay dapat kayong padalhan ng tugon na naglalaman ng:

1. Isang paliwanag sa kung bakit nagmungkahi o tumanggi ang pampangasiwaang yunit na gumawa ng aksyong ipinahayag sa reklamong may makatarungang proseso.
2. Isang paglalarawan ng anumang iba pang mga opsyong isinaalang-alang ng Pangkat para sa programa ng pang-indibidwal na edukasyon (IEP) ng inyong anak at ang mga dahilan kung bakit tinanggihan ang mga opsyong iyon;
3. Isang paglalarawan ng bawat pamamaraan ng ebalwasyon, pagtatasa, rekord, o ulat na ginamit ng pampangasiwaang yunit bilang batayan para sa iminungkahi o tinanggihang aksyon; at
4. Isang paglalarawan sa ibang mga salik na nauukol sa iminungkahi o tinanggihang aksyon ng pampangasiwaang yunit.

Ang pagkakaloob ng impormasyon sa mga aytem 1-4 sa itaas ay hindi pumipigil sa pampangasiwaang yunit na ipahayag na hindi sapat ang inyong reklamong may makatarungang proseso.

**Tugon ng kabilang panig sa reklamong may makatarungang proseso**

Maliban kung nakasaad sa pangalawang pamagat sa itaas, ang **Tugon ng Pampangasiwaang Yunit sa reklamong may makatarungang proseso**, ang panig na tumatanggap ng reklamong may makatarungang proseso ay dapat, sa loob ng 10 araw ng pagtanggap ng reklamo, magpadala sa kabilang panig ng tugon na partikular na tumutugon sa bawat isyu sa reklamo.

**ANG PAGTATALAGA SA BATA HABANG NAKABINBIN ANG PROSESO NG REKLAMO AT PANDINIG**

34 CFR §300.518

Maliban kung nakasaad sa ibaba sa ilalim ng pamagat na **MGA PAMAMARAAN SA PAGDIDISIPLINA SA MGA BATANG MAY MGA KAPANSANAN**, sa oras na maipadala ang reklamong may makatarungang proseso sa kabilang panig, sa panahon ng proseso ng resolusyon, at habang naghihintay para sa desisyon sa anumang pagdinig na makatarungang proseso o paglilitis sa hukuman, maliban kung kayo at ang pampangasiwaang yunit ay sumang-ayon sa ibang paraan, ang inyong anak ay dapat manatili sa kasalukuyan niyang pagtatalagang pang-edukasyon.

Kung ang reklamong may makatarungang proseso ay kinapapalooban ng aplikasyon para sa unang pagtanggap sa pampublikong paaralan, ang inyong anak, na may pahintulot ninyo, ay dapat ilagay sa regular na programa ng pampublikong paaralan hanggang sa makumpleto ang lahat ng naturang paglilitis.

Kung ang reklamo sa makatarungang proseso ay kinapapalooban ng paggamit ng mga unang serbisyo alinsunod sa Bahagi ng B ng IDEA para sa batang lumilipat mula sa napagkakalooban ng serbisyo alinsunod sa Bahagi C ng IDEA patungo sa Bahagi B ng IDEA at hindi na karapat-dapat sa mga serbisyo alinsunod sa Bahagi C dahil ang bata ay naging tatlong taong gulang, ang pampangasiwaang yunit ay hindi inaatasang magkaloob ng mga serbisyo alinsunod sa Bahagi C na natatanggap ng bata. Kung ang bata ay natagpuang karapat-dapat alinsunod sa Bahagi B ng IDEA at pinahintulutan ninyo ang batang tumanggap ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa unang pagkakataon, habang nakabinbin ang mga paglilitis, ang pampangasiwaang yunit ay dapat magkaloob ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyong iyon na sinasang-ayunan (ang mga sinasang-ayunan ninyo at ng pampangasiwaang yunit).

Kung ang hukom ng pampangasiwaang batas sa isang pagdinig na may makatarungang proseso na isinagawa ng CDE ay sumang-ayon sa inyo na naaangkop ang pagpapalit ng pagtatalaga, ang pagtatalagang iyon ay dapat ituring bilang kasalukuyang pagtatalagang pang-edukasyon ng inyong anak kung saan mananatili ang inyong anak habang hinihintay ang desisyon ng anumang walang pinapanigang pagdinig na may makatarungang proseso o paglilitis sa hukuman.

**MGA MODELONG FORM**
34 CFR §300.509

Dapat bumuo ang CDE ng mga modelong form upang tulungan kayong maghain ng reklamong may makatarungang proseso at reklamo sa Estado. Ngunit, hindi kayo maaaring atasan ng CDE o ng pampangasiwaang yunit na gamitin ang mga modelong form na ito. Sa katunayan, maaari ninyong gamitin ang form na ito o iba pang naaangkop na modelong form, hangga't naglalaman ito ng kinakailangang impormasyon para sa paghahain ng reklamong may makatarungang proseso o reklamo sa Estado.

Ang mga modelong form para sa mga Reklamo sa Estado, Reklamong May Makatarungang Proseso, at Pamamagitan ay maaaring i-access sa pamamagitan ng pagtawag sa Exceptional Student Leadership Unit (Yunit ng Pamumuno ng Katangi-tanging Estudyante) ng CDE sa (303)866-6694 o pagpunta sa Web Page ng CDE sa Resolusyon sa Hindi Pagkakasundo: http://www.cde.state.co.us/spedlaw/info.htm.

**PAMAMAGITAN**
34 CFR §300.506

**Pangkalahatan**

Mayroong pamamagitang magpapahintulot sa inyo at sa pampangasiwaang yunit na lutasin ang mga hindi pagkakasundong kinapapalooban ng anumang bagay alinsunod sa Bahagi B ng IDEA, kabilang ang mga bagay na lumalabas bago ang paghahain ng reklamong may makatarungang proseso. Samakatuwid, mayroong pamamagitan upang malutas ang mga hindi pagkakasundo alinsunod sa Bahagi B ng IDEA, naghain man kayo o hindi ng reklamong may makatarungang proseso.

**Mga iniaatas**

Dapat tiyakin sa mga pamamaraan na ang proseso ng pamamagitan ay:

1. Boluntaryo sa bahagi ninyo at sa bahagi ng pampangasiwaang yunit;
2. Hindi ginagamit upang itanggi o iantala ang inyong karapatan sa pagdinig na may makatarungang proseso, o itanggi ang anumang iba pang mga karapatang mayroon kayo alinsunod sa Bahagi B ng IDEA; **at**
3. Isinasagawa ng isang kwalipikado at walang pinapanigang tagapamagitang sinanay sa mga epektibong teknik sa pamamagitan.

Ang pampangasiwaang yunit ay maaaring bumuo ng mga pamamaraang naghahandog sa magulang at paaralan ng pagkakataong gumamit ng proseso ng pamamagitan, ng pagkakataong makipagpulong, sa panahon at lokasyong kumbinyente para sa inyo, sa isang walang pinapanigang partidong:

1. Nakakontrata sa naaangkop na alternatibong entidad sa paglutas ng hindi pagkakasundo, o isang sentro ng pagsasanay at impormasyon para sa magulang o sentrong mapagkukunan sa komunidad para sa magulang sa Estado; **at**
2. Magpapaliwanag ng mga benepisyo at hihikayatin ang paggamit ng proseso ng pamamagitan sa inyo.

Nagpapanatili ang CDE ng listahan ng mga taong mga kuwalipikadong tagapamagitan at nalalaman ang mga batas at regulasyong nauugnay sa pagkakaloob ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo. Ang mga tagapamagitan ay itinatalaga nang hindi magkakasunud-sunod, halinhinan, o sa iba pang batayang walang pinapanigan.

Responsable ang CDE sa gastos sa tagapamagitan. Ang bawat pagpupulong sa proseso ng pamamagitan ay dapat iiskedyul sa paraang nasa oras at maidaos sa isang lugar na kumbinyente para sa inyo at sa pampangasiwaang yunit.

Kung nalutas ninyo at ng pampangasiwaang yunit ang hindi pagkakasundo sa pamamagitan ng proseso ng pamamagitan, ang parehong panig ay dapat pumasok sa isang dapat sunding nakasulat na kasunduan na:

1. Nagtatakda na ang lahat ng kasunduan sa pagitan ninyo at ng pampangasiwaang yunit;
2. Nagsasaad na ang lahat ng pagtalakay na naganap sa panahon ng proseso ng pamamagitan ay mananatiling kumpidensyal at hindi maaaring gamitin bilang ebidensya sa anumang susunod na pagdinig na may makatarungang proseso o sibil na paglilitis; **at**
3. Pinirmahan ninyo at ng kinatawan ng pampangasiwaang yunit na may awtoridad na pasunurin ang pampangasiwaang yunit.

Ang isang nakasulat na pinirmahang kasunduan sa pamamagitan ay maipapatupad sa anumang hukumang may kakayahang hurisdiksyon ng Estado (isang hukumang may awtoridad alinsunod sa batas ng Estado na pakinggan ang ganitong uri ng kaso) o sa hukuman ng distrito ng Estados Unidos.

Ang mga pagtalakay na naganap sa panahon ng proseso ng pamamagitan ay dapat maging kumpidensyal. Hindi maaaring gamitin ang mga ito bilang ebidensya sa anumang pagdinig na may makatarungang proseso o sibil na paglilitis ng anumang Pederal na hukuman o hukuman ng Estado ng Estadong tumatanggap ng tulong alinsunod sa Bahagi B ng IDEA sa hinaharap.

**Pagiging walang pinapanigan ng tagapamagitan**

Ang tagapamagitan ay:

1. Maaaring hindi isang empleyado ng CDE o pampangasiwaang yunit na nakikibahagi sa edukasyon o pangangalaga ng inyong anak; **at**
2. Hindi dapat magkaroon ng personal o propesyonal na interes na sumasalungat sa pagiging walang pinapanigan ng tagapamagitan.

Ang itinalagang tagapamagitan ay hindi isang empleyado ng CDE dahil lamang sa binabayaran ng CDE ang kanilang mga serbisyo.

**<u>PROSESO NG RESOLUSYON</u>**
34 CFR §300.510

**Pagpupulong para sa resolusyon**

Sa loob ng 15 araw ng pagtanggap ng reklamong may makatarungang proseso, at bago magsimula ang pagdinig na may makatarungang proseso, ang pampangasiwaang yunit ay dapat makipagpulong sa

iniyo at sa nauukol na miyembro o mga miyembro ng Pangkat ng programa ng pang-indibidwal na edukasyon (IEP) na may partikular na kaalaman sa mga katotohanang tinukoy sa inyong reklamong may makatarungang proseso. Ang pagpupulong:

1. Dapat kabilangan ng kinatawan ng pampangasiwaang yunit na may awtoridad sa paggawa ng desisyon sa ngalan ng pampangasiwaang yunit; **at**
2. Maaaring hindi kabilangan ng abogado ng pampangasiwaang yunit maliban kung kayo ay sinasamahan ng isang abogado.

Pagpapasyahan ninyo at ng pampangasiwaang yunit ang mga kaukulang miyembro ng Pangkat ng IEP na dadalo sa pagpupulong.

Ang layunin ng pagpupulong ay para talakayin ninyo ang inyong reklamong may makatarungang proseso, at ang mga katotohanang nagsisilbing batayan ng reklamo, nang sa gayon ay may pagkakataon ang pampangasiwaang yunit na lutasin ang hindi pagkakasundo.

Hindi kailangan ng pagpupulong para sa resolusyon kung:

1. Kayo at ang pampangasiwaang yunit ay sumasang-ayon sa paraang nakasulat na ipagpapaliban ang pagpupulong; **o**
2. Kayo at ang pampangasiwaang yunit ay sumasang-ayong gagamitin ang proseso ng pamamagitan, gaya ng inilalarawan alinsunod sa pamagat na **Pamamagitan**.

**Panahon ng resolusyon**

Kung hindi nalutas ng pampangasiwaang yunit ang reklamong may makatarungang proseso sa paraang kasiya-siya para sa inyo sa loob ng 30 araw mula nang matanggap ang reklamong may makatarungang proseso (sa panahon ng proseso ng resolusyon), maaaring idaos ang pagdinig na may makatarungang proseso.

Ang 45 araw na itinakdang panahon para sa paglalabas ng pinal na desisyon ay magsisimula sa araw pagkatapos ng ekspirasyon ng 30 araw na panahon ng resolusyon, na may ilang eksepsyon para sa mga ginagawang pagsasaayos sa 30 araw na panahon ng resolusyon, gaya ng inilalarawan sa ibaba.

Maliban kung kayo o ang pampangasiwaang yunit ay sumang-ayong ipagpaliban ang proseso ng resolusyon o gamitin ang pamamagitan, ang hindi ninyo pakikibahagi sa pagpupulong para sa resolusyon ay mag-aantala sa mga itinakdang panahon para sa proseso ng resolusyon at pagdinig na may makatarungang proseso hanggang sa sumang-ayon kayong makibahagi sa pagpupulong para sa resolusyon.

Kung pagkatapos gumawa ng mga makatwirang pagsusumikap at isinadokumento ang mga naturang pagsusumikap, ang pampangasiwaang yunit ay hindi nakuha ang inyong pakikibahagi sa pagpupulong para sa resolusyon, ang pampangasiwaang yunit ay maaaring, sa katapusan ng 30 araw na panahon ng resolusyon, humiling na ipawalang-bisa ng ALJ ang reklamong may makatarungang proseso. Ang dokumentasyon ng mga naturang pagsusumikap ay dapat kabilangan ng rekord ng mga pagtatangka ng pampangasiwaang yunit upang magsaayos ng oras at lugar na mapagkakasunduan ng magkabilang panig, gaya ng:

1. Mga detalyadong rekord ng mga tawag sa telepono na ginawa o tinangka at ang mga resulta ng mga tawag na iyon;
2. Mga kopya ng komunikasyong ipinadala sa inyo at anumang mga natanggap na tugon; **at**
3. Mga detalyadong rekord ng mga pagbisitang isinagawa sa inyong tahanan o lugar na pinagtatrabahuhan at ang mga resulta ng mga pagbisitang iyon.

Kung hindi nakapagdaos ang pampangasiwaang yunit ng pagpupulong para sa resolusyon sa loob ng 15 araw ng pagtanggap ng paunawa ng inyong reklamong may makatarungang proseso **o** hindi nakibahagi sa pagpupulong para sa resolusyon, maaari kayong humiling sa ALJ na iutos na simulan ang itinakdang panahon para sa 45 araw na pagdinig na may makatarungang proseso.

**Mga pagsasaayos sa 30 araw na panahon ng resolusyon**

Kung kayo at ang pampangasiwaang yunit ay sumasang-ayon sa paraang nakasulat na ipagpaliban ang pagpupulong para sa resolusyon, ang 45 araw na itinakdang panahon para sa pagdinig na may makatarungang proseso ay magsisimula sa susunod na araw.

Pagkatapos ng pagsisimula ng pamamagitan o pagpupulong para sa resolusyon at bago ang katapusan ng 30 araw na panahon ng resolusyon, kung kayo at ang pampangasiwaang yunit ay sumasang-ayon sa paraang nakasulat na hindi posible ang kasunduan, ang 45 araw na itinakdang panahon para sa pagdinig na may makatarungang proseso ay magsisimula sa susunod na araw.

Kung kayo at ang pampangasiwaang yunit ay sumasang-ayon sa paggamit ng proseso ng pamamagitan, sa katapusan ng 30 araw na panahon ng resolusyon, ang parehong panig ay maaaring sumang-ayon sa paraang nakasulat na ipagpatuloy ang pamamagitan hanggang sa magkaroon ng kasunduan. Ngunit, kung kayo o ang pampangasiwaang yunit ay umurong sa proseso ng pamamagitan, ang 45 araw na itinakdang panahon para sa pagdinig na may makatarungang proseso ay magsisimula sa susunod na araw.

**Nakasulat na kasunduan**

Kung nagkaroon ng resolusyon sa hindi pagkakasundo sa pagpupulong para sa resolusyon, kayo at ang pampangasiwaang yunit ay dapat pumasok sa isang dapat sunding nakasulat na kasunduan na:

1. Pinirmahan ninyo at ng kinatawan ng pampangasiwaang yunit kung sino ang may awtoridad na pasunurin ang pampangasiwaang yunit; **at**
2. Maipapatupad sa anumang hukumang may kakayahang hurisdiksyon ng Estado (isang hukuman ng Estado na may awtoridad na pakinggan ang ganitong uri ng kaso) o sa hukuman ng distrito ng Estados Unidos.

**Panahon ng pagrerepaso ng kasunduan**

Kung kayo at ang pampangasiwaang yunit ay pumasok sa isang kasunduan bilang resulta ng pagpupulong para sa resolusyon, ang alinmang panig (kayo o ang pampangasiwaang yunit) ay maaaring ipawalang-bisa ang kasunduan sa loob ng tatlong araw ng tanggapan na pinirmahan ninyo at ng pampangasiwaang yunit.

# MGA PAGDINIG SA REKLAMONG MAY MAKATARUNGANG PROSESO

## WALANG PINAPANIGANG PAGDINIG NA MAY MAKATARUNGANG PROSESO

34 CFR §300.511

**Pangkalahatan**

Kapag inihahain ang isang reklamong may makatarungang proseso, kayo at ang pampangasiwaang yunit na kabahagi ng hindi pagkakasundo ay dapat magkaroon ng oportunidad para sa walang pinapanigang pagdinig na may makatarungang proseso, gaya ng inilalarawan sa mga seksyon ng **Reklamong May Makatatungang Proseso** at **Proseso para sa Resolusyon**.

**Ahensyang responsable sa pagsasagawa ng pagdinig na may makatarungang proseso**

Ang pagdinig na inilalarawan sa seksyong ito ay dapat isagawa ng Kagawaran ng Edukasyon ng Colorado (CDE) gamit ang isang hukom ng pampangasiwaang batas na hinahalinhinan.

**Hukom ng pampangasiwaang batas (ALJ)**

Sa pinakamababa, ang ALJ ay:

1. Hindi dapat maging isang empleyado ng CDE o pampangasiwaang yunit na nakikibahagi sa edukasyon o pangangalaga ng bata;
2. Hindi dapat magkaroon ng personal o propesyonal na interes na sumasalungat sa pagiging walang pinapanigan ng ALJ sa pagdinig;
3. Dapat magkaroon ng kaalaman at nauunawaan ang mga probisyon ng IDEA, at ang mga Pederal na regulasyon at regulasyon ng Estadong nagpapatungkol sa IDEA, at mga legal na pagpapakahulugan ng IDEA ng mga Pederal na hukuman at hukuman ng Estado; **at**
4. Dapat magkaroon ng kaalaman at kakayahang magsagawa ng mga pagdinig; at gumawa at sumulat ng mga desisyong naaayon sa naaangkop at pamantayang gawaing pambatas.

Dapat magpanatili ang CDE ng listahan ng mga taong iyon na magsisilbi bilang mga ALJ na kinabibilangan ng pahayag sa mga kuwalipikasyon ng bawat ALJ.

**Paksa sa pagdinig na may makatarungang proseso**

Ang panig (kayo o ang pampangasiwaang yunit) na humihiling ng pagdinig na may makatarungang proseso ay hindi maaaring ipahayag ang mga isyu sa pagdinig na may makatarungang proseso na hindi natugunan sa reklamong may makatarungang proseso, maliban kung sumang-ayon ang kabilang panig.

**Itinakdang panahon sa paghiling ng pagdinig**

Kayo o ang pampangasiwaang ay dapat humiling ng walang pinapanigang pagdinig sa reklamong may makatarungang proseso sa loob ng dalawang taon mula sa petsa kung kailan nalaman o dapat nalaman ninyo o ng pampangasiwaang yunit ang tungkol sa isyung tinutugunan sa reklamo.

**Mga eksepsyon sa itinakdang panahon**

Ang itinakdang panahon sa itaas ay hindi naaangkop sa inyo kung hindi kayo makapaghain ng reklamong may makatarungang proseso dahil:

1. Ang pampangasiwaang yunit ay partikular na nagsisinungaling na nalutas nito ang problema o ang isyung ipinapahayag ninyo sa inyong reklamo; **o**
2. Ipinagkait ng pampangasiwaang yunit ang impormasyon mula sa inyo na iniatas ditong ipagkaloob sa inyo alinsunod sa Bahagi B ng IDEA.

**MGA KARAPATAN SA PAGDINIG**

34 CFR §300.512

**Pangkalahatan**

May karapatan kayong kumatawan sa inyong sarili sa pagdinig na may makatarungang proseso. Ang sinumang panig sa pagdinig na may makatarungang proseso (kabilang ang pagdinig na nauugnay sa mga pamamaraang pandisiplina) o apela, gaya ng inilalarawan alinsunod sa pangalawang pamagat na **Apela sa mga desisyon; walang pinapanigang pagrerepaso** ay magkarapatang:

1. Masamahan at mapayuhan ng isang abogado at/o mga taong may espesyal na kaalaman o pagsasanay hinggil sa mga problema ng mga batang may mga kapansanan, maliban na sa Colorado, tanging ang abogadong lisensyado ng Kataas-taasang Hukuman ng Colorado ang maaaring *kumatawan* sa panig sa pagdinig na may makatarungang proseso;

2. Magharap ng ebidensya at kumprontahin, tanungain, at iatas ang pagdalo ng mga testigo;
3. Ipagbawal ang pagpapakilala ng anumang ebidensya sa pagdinig na hindi naisiwalat sa ibang panig ng hindi bababa sa limang araw ng tanggapan bago ang pagdinig;
4. Kumuha ng nakasulat, o, sa inyong opsyon, elektroniko, eksaktong rekord ng pagdinig; **at**
5. Kumuha ng nakasulat, o, sa inyong opsyon, mga natuklasang katotohanan at desisyon sa elektronikong pormat.

**Karagdagang pagsisiwalat ng impormasyon**

Hindi bababa sa limang araw bago ang pagdinig na may makatarungang proseso, kayo at ang pampangasiwaang yunit ay dapat isiwalat sa bawat isa ang lahat ng ebalwasyong kinumpleto bago lumampas ang petsang iyon at mga rekomendasyong batay sa mga ebalwasyon nilalayon ninyo o ng pampangasiwaang yunit na gamitn sa pagdinig.

Maaaring pigilan ng ALJ ang anumang panig na hindi sumusunod sa iniaatas na ito sa pagpapakilala ng kaukulang ebalwasyon o rekomendasyon sa pagdinig nang walang pahintulot ng kabilang panig.

**Mga karaparan ng magulang sa mga pagdinig**

Kayo ay dapat mabigyan ng karapatang:

1. Padaluhin ang inyong anak na siyang pakay ng pagdinig;
2. Buksan ang pagdinig sa publiko; **at**
3. Magkaroon ng rekord ng pagdinig, mga natuklasang katotohanan at desisyong ipagkakaloob sa inyo nang walang bayad.

**MGA DESISYON SA PAGDINIG**
34 CFR §300.513

**Desisyon ng Hukom ng Pampangasiwaang Batas (ALJ)**

Ang pagpapasya ng ALJ sa kung ang inyong anak ay tumanggap ng libreng naaangkop na pampublikong edukasyon (FAPE) ay dapat may mahahalagang pagbabatayan.

Sa mga bagay na nagsasaad ng paglabag sa pamamaraan, maaari lamang matagpuan ng ALJ na ang inyong anak ay hindi nakatanggap ng libreng naaangkop na pampublikong edukasyon (FAPE) kung ang mga kakulangan sa pamamaraan ay:

1. Naging balakid sa karapatan ng inyong anak sa isang FAPE:
2. Lubos na naging balakid sa inyong oportunidad na makibahagi sa proseso ng paggawa ng desisyon tungkol sa pagkakaloob ng FAPE sa inyong anak; **o**
3. Nagdudulot ng pagkakait ng benepisyo sa edukasyon.

Wala sa mga probisyong inilalarawan sa itaas ang maaaring maunawaan bilang pumipigil sa ALJ na utusan ang pampangasiwaang yunit na sundin ang mga iniaatas sa seksyon ng proteksyon sa pamamaraan ng mga Pederal na regulasyon alinsunod sa Bahagi B ng IDEA (34 CFR §§300.500 hanggang 300.536).

**Hiwalay na kahilingan para sa pagdinig na may makatarungang proseso**

Wala sa mga proteksyon sa pamamaraan seksyon ng mga Pederal na regulasyon alinsunod sa Bahagi B ng IDEA (34 CFR §§300.500 hanggang 300.536) ang maaaring maunawaang pumipigil sa inyong

maghain ng hiwalay na reklamong may makatarungang proseso sa isang isyung hiwalay sa reklamong may makatarungang proseso na naihain na.

**Mga natuklasan at desisyon sa komiteng tagapayo sa espesyal na edukasyon ng Estado at pangkalahatang publiko**

Ang CDE, pagkatapos burahin ang anumang personal na matutukoy na impormasyon ay dapat:

1. Magkaloob ng mga natuklasan at desisyon sa komiteng tagapayo sa espesyal na edukasyon ng estado; **at**
2. Gawin ang mga natuklasan at desisyong iyon na makikita ng publiko.

## PAGIGING PINAL NG DESISYON

34 CFR §300.514

### Pagiging pinal ng desisyon

Ang desisyong ginawa sa pagdinig na may makatarungang proseso (kabilang ang pagdinig na nauugnay sa mga pamamaraan sa disiplina) ay pinas, maliban kung ang anumang panig (kayo o ang pampangasiwaang yunit) ay kabahagi ng pagdinig at maaaring iapela ang desisyon sa pamamagitan ng paghaharap ng aksyong sibil, gaya ng inilalarawan sa ibaba alinsunod sa pamagat na: **Mga Aksyong Sibil, Kabilang ang Panahon Kung Kailan Ihahain ang mga Aksyong Iyon**.

## MGA ITINAKDANG PANAHON AT PAGIGING KUMBINYENTE NG MGA PAGDINIG

34 CFR §300.515

Dapat iyong tiyakin ng pampangasiwaang yunit nang hindi lalampas ng 45 araw pagkatapos ng ekspirasyon ng 30 araw na panahon para sa mga pagpupulong para sa resolusyon o, gaya ng inilalarawan alinsunod sa pangalawang pamagat na **Mga pagsasaayos sa 30 araw na panahon ng resolusyon**, na hindi lalampas ng 45 araw pagkatapos ng ekspirasyon ng isinaayos na panahon:

1. Nakagawa ng pinal na desisyon sa pagdinig na may makatarungang proseso; at
2. Isang kopya ng desisyon ang ipapadala sa iyo at sa pampangasiwaang yunit.

Ang mga pagdinig na may makatarungang proseso na kinapapalooban ng mga bibigang argumento ay dapat isagawa sa panahon at lugar na makatwirang kumbinyente para sa inyo at sa inyong anak.

## MGA AKSYONG SIBIL, KABILANG ANG PANAHON KUNG KAILAN IHAHAIN ANG MGA AKSYONG IYON

34 CFR §300.516

### Pangkalahatan

Ang sinumang panig (kayo o ang pampangasiwaang yunit) na hindi sumasang-ayon sa mga natuklasan at desisyon ng ALJ sa pagdinig na may makatarungang proseso (kabilang ang pinabilis na pagdinig na may makatarungang proseso na nauugnay sa mga pamamaraan sa disiplina) ay may karapatang magharao ng aksyong sibil kaugnay ng bahat na napapailalim sa pagdinig na may makatarungang proseso. Ang aksyon ay maaaring iharap sa isang hukumang may kakayahang hurisdiksyon ng Estado (isang hukuman ng Estado na may awtoridad na pakinggan ang ganitong uri ng kaso) o sa hukuman ng distrito ng Estados Unidos nang hindi tinitingnan ang laki ng hindi pagkakasundo.

### Limitasyon sa panahon

Ang alinmang panig na nagharap ng orihinal na reklamong may makatarungang proseso (kayo o ang pampangasiwaang yunit) o ang panig na tumutugon sa reklamo ay magkakaroon ng pinakamahabang 90 araw mula sa petsa ng desisyon ng ALJ upang maghain ng aksyong sibil.

**Mga karagdagang pamamaraan**

Sa anumang aksyong sibil, ang hukuman ay:

1. Tumatanggap g mga rekord ng mga pampangasiwaang paglilitis;
2. Pinakikinggan ang karagdagang ebidensyang inyong hiniling o hiniling ng pampangasiwaang yunit; **at**
3. Binabatay ang desisyon nito sa pagkakaroon ng ebidensya, naggagawad bayad-pinsala na napagpasyahang naaangkop ng hukuman.

**Hurisdiksyon ng mga hukuman ng distrito**

Ang mga hukuman ng distrito ng Estados Unidos ay may awtoridad na magpasya sa mga aksyong iniharap alinsunod sa Bahagi B ng IDEA nang hindi tinitingnan ang laki ng hindi pagkakasundo.

**Patakaran sa pagbubuo - lubusang paggamit**

Wala sa Bahagi B ng IDEA ang nagbabawal o naglilimit sa mga karapatan, pamamaraan, at remedyong mayroon alinsunod sa Saligang Batas ng Estados Unidos, sa Americans with Disabilities Act (Batas para sa mga Amerikanong may mga Kapansanan) ng 1990, Titulo V ng Rehabilitation Act (Batas sa Rehabilitasyon) ng 1973 (Seksyon 504), o iba pang mga Pederal na batas na pumuprotekta sa mga karapatan ng mga batang may mga kapansanan, maliban kung bago ang paghahain ng aksyong sibil alinsunod sa mga batas na ito na naghahangad ng kaginhawaang makukuha rin alinsunod sa Bahagi B ng IDEA, ang mga pamamaraan sa makatarungang proseso na inilalarawan sa itaas ay dapat lubos na gamitin sa parehong paraang iniaatas kung ang panig ay naghain ng aksyon alinsunod sa Bahagi B ng IDEA. Ito ay nangangahulugan na bagaman maaaring mayroon kayong mga remedyo alinsunod sa ibang mga batas na sumasakop sa mga mayroon na alinsunod sa IDEA, sa pangkalahatan, bago maghain ng aksyong sibil sa hukuman na nanghahangad ng kaginhawaan alinsunod sa ibang mga batas na iyon, dapat mo munang gamitin ang makukuhang pampangasiwaang remedyo alinsunod sa IDEA (iyon ay, mga pamamaraan sa reklamong may makatarungang proseso, pagpupulong para sa resolusyon, at pagdinig na may makatarungang proseso).

**<u>MGA SINGIL NG ABOGADO</u>**
34 CFR §300.517

**Pangkalahatan**

Sa anumang aksyon o paglilitis na iniharap alinsunod sa Bahagi B ng IDEA, kung kayo ay mananaig (mananalo), ang hukuman, sa sarili nitong pagpapasya, ay maaaring igawad ang mga makatwirang singil ng abogado bilang bahagi ng mga gastos sa inyo.

Sa anumang aksyon o pamamaraang iniharap alinsunod sa Bahagi B ng IDEA, ang hukuman (iyon ay, hukuman ng Estado o distrito), sa sarili nitong pagpapasya, ay maaaring igawad ang mga makatwirang singil ng abogado bilang bahagi ng mga gastos sa nananaig na Ahensyang Pang-edukasyon ng Estado o pampangasiwaang yunit, na mabayaran ng inyong abogado, kung ang abogado ay: (a) naghain ng reklamo o kaso sa hukuman na natagpuan ng hukuman na walang ganoong kabuluhan, hindi makatwiram, o walang batayan; o (b) patuloy na naglitis pagkatapos ng paghahabla na malinaw na naging walang ganoong kabuluhan, hindi makatwira, o walang batayan; **<u>o</u>**

Sa anumang aksyon o paglilitis na iniharap alinsunod sa Bahagi B ng IDEA, ang hukuman (iyon ay, hukuman ng Estado o distrito) sa sarili nitong pagpapasya, ay maaaring igawad ang mga makatwirang singil ng abogado bilang bahagi ng mga gastos sa nananaig na Ahensyang Pang-edukasyon ng Estado o pampangasiwaang yunit, na mabayaran ng inyong abogado, kung ang inyong kahilingan para sa pagdinig na may makatarungang proseso o aksyong sibil pagkalaon ay iniharap para sa anumang hindi wastong layunin, gaya ng mangharas, magdulot ng hindi kinakailangang pagkaantala, o sa hindi kinakailangang paraan ay dagdagan ang gastos sa paghahabla.

**Paggawad ng mga singil**

Igagawad ng hukuman ang mga makatwirang singil ng abogado bilang mga sumusunod:

1. Ang mga singil ay dapat ibatay sa mga nananaig na singil sa komunidad kung saan nagkaroon ng aksyon o pagdinig para sa uri at kalidad ng mga serbisyong ipinagkakaloob. Walang bonus o pandagdag na gagamitin sa pagkalkula ng mga igagawad ng singil.
2. Ang mga singil ng abogado ay hindi maaaring igawad at ang mga nauugnay na gastos ay hindi maaaring maibalid sa anumang aksyon o paglilitis alinsunod sa Bahagi B ng IDEA para sa mga serbisyong isinagawa pagkatapos ng nakasulat na alok ng pakikipagkasundo na isinagawa para sa inyo kung:
    a. Ang alok ay isinagawa sa loob ng panahong nakasaad sa Patakaran 68 ng mga Pederal na Patakaran sa Pamamaraang Sibil o, sa kaso ng pagdinig na may makatarungang proseso, sa anumang oras na higit 10 araw bago magsimula ang paglilitis;
    b. Hindi tinanggap ang alok sa loob ng 10 araw; **<u>at</u>**
    c. Natagpuan ng hukuman o ALJ na ang kaginhawaang nakuha ninyo sa wakas ay hindi mas kapaki-pakinabang sa inyo kaysa sa alok ng pakikipagkasundo.

    Sa kabila ng mga restriksyong ito, ang paggawad ng mga singil ng abogado at mga kaugnay na gastos ay maaaring ibigay sa inyo kung kayo ay mananaig at lubos kayong nakatuwiranan sa pagtanggi sa handog sa pagkakasundo.
3. Ang mga singil ay hindi maaaring igawad na may kaugnayan sa pagtugon ng Pangkat ng programa ng pang-indibidwal na edukasyon (IEP) maliban kung may pagpupulong na naganap bilang resulta ng pampangasiwaang paglilitis o aksyon ng hukuman. Maaari ring igawad ang mga singil para sa pamamagitan gaya ng inilarawan sa pamagat na **Pamamagitan**.

    Ang isang pagpupulong para sa resolusyon, gaya ng inilalarawan alinsunod sa pamagat na **Proseso ng Resolusyon**, ay hindi itinuturing na pagpupulong na idinaos bilang resulta ng pampangasiwaang pagdinig o aksyon ng hukuman, at hindi rin itinuturing na isang pampangasiwaang pagdinig o aksyon ng hukuman para sa mga layunin ng mga probisyong ito sa mga singil ng mga abogado.

Babawasan ng hukuman, kung naaangkop, ang halaga ng mga singil ng mga abogado na igagawad alinsunod sa Bahagi B ng IDEA, kung natagpuan ng hukuman na:

1. Kayo, o ang inyong abogado, sa panahon ng aksyon o paglilitis, ay hindi makatwirang pinaantala ang pinal na resolusyon ng hindi pagkakasundo;
2. Ang halaga ng mga singil ng mga abogado na sa ibang paraan ay inawtorisahang maigawad sa hindi makatwirang paraan ay mahigit sa kada oras na singil na nananaig sa komunidad para sa mga kahalintulad na serbisyo ng mga abogado ng may makatwirang kahalintulad na kasanayan, reputasyon, at karanasan;
3. Ang panahong ginugol at ang mga serbisyong pambatas na ipinagkaloob ay labis-labis kung isasaalang-alang ang katangian ng aksyon o paglilitis; **<u>o</u>**
4. Ang abogadong kumakatawan sa iyo ay hindi nagbigay sa pampangasiwaang yunit ng naaangkop na impormasyon sa paunawa ng kahilingan para sa makatarungang proseso gaya ng inilalarawan sa pamagat na **Reklamong may Makatarungang Proseso**.

Ngunit, maaaring bawasan ng hukuman ang mga singil kung natagpuan ng hukuman na ang Estado o pampangasiwaang yunit ay hindi makatwirang ipinaantala ang panghuling resolusyon sa aksyon o paglilitis o may paglabag alinsunod sa mga probisyon ng mga probisyon sa pamamaraan ng Bahagi B ng IDEA.

# MGA PAMAMARAAN KAPAG DINIDISIPLINA ANG MGA BATANG MAY MGA KAPANSANAN

## AWTORIDAD NG MGA TAUHAN NG PAARALAN

34 CFR §300.530

### Pagpapasya nang ayon sa kaso

Maaaring isaalang-alang ng tauhan ng paaralan ang anumang katangi-tanging kalagayan depende sa kaso kapag nagpapasya kung ang pagbabago sa pagkakatalaga, na isinagawa alinsunod sa mga sumusunod na iniaatas na nauugnay sa disiplina, ay naaangkop sa isang batang may kapansanan na lumabag sa kodigo ng pag-uugali ng estudyante.

### Pangkalahatan

Sa abot na gagawin din nila ang naturang aksyon para sa mga batang walang mga kapansanan, ang tauhan ng paaralan ay maaaring, sa hindi lalampas ng 10 magkakasunud-sunod na araw ng pasukan, alisin ang batang may kapansanan na lumabag sa kodigo ng pag-uugali ng estudyante mula sa kanyang kasalukuyang pagkakatalaga sa isang naaangkop na pansamantalang alternatibong kapaligirang pang-edukasyon (na dapat pagpasyahan ng Pangkat ng programa ng pang-indibidwal na edukasyon (IEP)), iba pang kapaligiran, o pagkakasuspinde. Maaari ring magpataw ang tauhan ng paaralan ng mga karagdagang pagtanggal sa bata ng hindi lalampas ng **10 magkakasunud-sunod na araw ng pasukan** sa parehong taon ng pasukan na iyon para sa mga hiwalay na insidente ng maling pag-uugali, hangga't ang mga pagtanggal na iyon ay hindi binubuo ng pagbabago sa pagkakatalaga (tingnan ang **Pagbabago sa Pagkakatalaga Dahil sa mga Pandisiplinang Pagtanggal** para sa kahulugan, sa ibaba).

Sa oras na maialis ang isang batang may kapansanan sa kanyang kasalukuyang pagkakatalaga para sa kabuuang **10 araw ng pasukan** sa parehong taon ng pasukan, ang pampangasiwaang yunit ay dapat, sa panahon ng anumang mga susunod na araw ng pagkakatanggap sa taon ng pasukang iyon, magkaloob ng mga serbisyo sa abot ng iniaatas sa ibaba alinsunod sa pangalawang pamagat na **Mga Serbisyo**.

### Karagdagang awtoridad

Kung ang pag-uugaling lumabag sa kodigo ng pag-uugali ng estudyante ay hindi pagpapahiwatig ng kapansanan ng bata (tingnan ang **Pagpapasya sa pagpapahiwatig ng pag-uugali**, sa ibaba) at ang pandisiplinang pagpapalit ng pagkakatalaga ay lalampas ng **10 magkakasunud-sunod na araw ng pasukan**, maaaring gamitin ng tauhan ng paaralan ang mga pamamaraang pandisiplina sa batang may kapansanan sa parehong paraan at para sa parang haba ng panahon gaya ng gagawin nito sa mga batang walang mga kapansanan, maliban na ang paaralan ay dapat magkaloob ng mga serbisyo sa batang inilalarawan sa ibaba sa ilalim ng **Mga Serbisyo**. Pagpapasyahan ng Pangkat ng IEP ng bata ang pansamantalang alternatibong kapaligirang pang-edukasyon para sa mga naturang serbisyo.

### Mga serbisyo

Ang mga serbisyong dapat ipagkaloob sa batang may kapansanan na tinanggal mula sa kasakuluyang pagkakatalaga ng bata ay maaaring ibigay sa pansamantalang alternatibong kapaligirang pang-edukasyon.

Inaatasan lamang ang pampangasiwaang yunit na magkaloob ng mga serbisyo sa isang batang may kapansanan na inalis sa kasalukuyan niyang pagkakatalaga ng **10 araw ng pasukan o mas mababa pa** sa taon ng pasukang iyon, kung nagkakaloob ito ng mga serbisyo sa isang batang walang kapansanan na inialis sa katulad na paraan. Sa Colorado, ang mga batang walang kapansanan na tinanggal para sa maikling panahong pagkakasuspinde ay karaniwang hindi tumatanggap ng mga serbisyo sa panahon ng pagkakasuspinde. Ngunit, ang awtoridad sa pagsususpinde ay dapat pagkalooban ang bawat estudyante ng pagkakataong gawin ang mga takdang aralin sa panahon ng pagkakasuspinde bilang

paraan ng muling paglahok ng estudyante sa programang pang-edukasyon kasunod ng panahon ng pagkakasuspinde. Seksyon 22-33-105(3)(d)(III), C.R.S.

Ang isang batang may kapansanan na tinanggal sa kasalukuyang pagkakatalaga ng mahigit **10 araw ng pasukan** ay dapat:

1. Patuloy na tumanggap ng mga serbisyong pang-edukasyon, upang patuloy na makasali ang bata sa kurikulum ng pangkalahatang edukasyon, bagaman sa ibang kapaligiran, at upang umunlad tungo sa pagtugon sa mga mithiing nakatakda sa IEP ng bata; **at**
2. Tanggapin, kung naaangkop, ang pagtatasa sa punsyonal na pag-uugali at mga serbsiyo at pagbabago sa interbensyon sa pag-uugali, na idinisenyo upang tugunan ang paglabag ng pag-uugali upang hindi ito mangyaring muli.

Pagkatapos maialis ang isang batang may kapansanan mula sa kasalukuyan niyang pagkakatalaga ng **10 araw ng pasukan** sa parehong taon ng pasukang iyon, at **kung** ang kasalukuyang pagkakatanggal ay **10 magkakasunud-sunod na araw** o mas mababa pa **at** ang pagkakatanggal ay hindi pagpapalit ng pagkakatalaga (tingnan ang kahulugan sa ibaba), ang tauhan ng paaralan **kung gayon**, sa pagsangguni sa hindi bababa sa isa sa mga guro ng bata, ay pagpapasyahan ang abot ng kung aling mga serbisyo ang kailangan upang patuloy na makasali ang bata sa kurikulum ng pangkalahatang edukasyon, bagaman sa ibang kapaligiran, at upang umunlad tungo sa pagtugon sa mga mithiing nakatakda sa IEP ng bata.

Kung ang pagtanggal ay isang pagpalit ng pagkakatalaga (tingnan ang kahulugan sa ibaba), pagpapasyahan ng Pangkat ng IEP ng bata ang mga naaangkop na serbisyo upang patuloy na makasali ang bata sa kurikulum ng pangkalahatang edukasyon, bagaman sa ibang kapaligiran, at upang umunlad tungo sa pagtugon sa mga mithiing nakatakda sa IEP ng bata.

### Pagpapasya sa pagpapahiwatig ng pag-uugali

Sa loob ng **10 araw ng pasukan** ng anumang desisyong baguhin ang pagkakatalaga ng isang batang may kapansanan dahil sa paglabag sa kodigo ng pag-uugali ng estudyante (maliban sa pagkakatanggal na **10 magkakasunud-sunod na araw ng pasukan** at hindi pagbabago sa pagkakatalaga), ang pampangasiwaang yunit, kayo at ang mga nauukol na miyembro ng Pangkat ng IEP (gaya ng napagpasyahan ninyo at ng pampangasiwaang yunit) ay dapat pag-aralan ang lahat ng nauukol na impormasyon sa file ng estudyante, kabilang ang IEP ng bata, anumang mga obserbasyon ng guro, at anumang nauukol na impormasyong ipinagkaloob sa inyo upang mapagpasyahang:

1. Kung ang nasabing pag-uugali ay dulot ng, o nagkaroon ng direkta o malaking kaugnayan sa, kapansanan ng bata; **o**
2. Kung ang nasabing pag-uugali ay ang direktang resulta ng hindi pagpapatupad ng pampangasiwaang yunit ng IEP ng bata.

Kung ang pampangasiwaang yunit, at mga nauukol na miyembro ng Pangkat ng IEP ng bata ay napagpasyahan na natugunan ang alinman sa mga kondisyong iyon, ang pag-uugali ay dapat mapagpasyahan bilang pagpapahiwatig ng kapansanan ng bata.

Kung ang pampangasiwaang yunit, kayo, at ang mga nauukol na miyembro ng Pangkat ng IEP ng bata ay nagpasya na ang nasabing pag-uugali ay ang direktang resulta ng hindi pagpapatupad ng pampangasiwaang yunit ng IEP, ang pampangasiwaang yunit ay dapat agad na kumilos upang remedyuhan ang mga kakulangang iyon.

### Pagpapasya kung ang pag-uugali ay pagpapahiwatid ng kapansanan ng bata

Kung ang pampangasiwaang yunit, kayo, at ang mga nauukol na miyembro ng Pangkat ng IEP ay nagpasya na ang pag-uugali ay pagpapahiwatig ng kapansanan ng bata, ang Pangkat ng IEP ay dapat:

1. Magsagawa ng pagtatasa sa punsyonal na pag-uugali, maliban kung ang pampangasiwaang yunit ay nagsagawa ng pagtatasa sa punsyonal na pag-uugali bago ipinakita ang pag-uugaling nagresulta sa pagbabago ng pagkakatalaga, at ipatupad ang plano ng interbensyon sa pag-uugali para sa bata; **o**
2. Kung binuo na ang plano ng interbensyon sa pag-uugali, pag-aralan ang plano ng interbensyon sa pag-uugali, at baguhin ito, kung kailangan, upang tugunan ang pag-uugali.

Maliban kung inilalarawan sa ibaba sa ilalim ng pangalawang pamagat na **Mga espesyal na kalagayan**, dapat ibalik ng pampangasiwaang yunit ang inyong anak sa pagkakatalaga kung saan inalis ang inyong anak, maliban kung kayo at ang distrito ay sumasang-ayon sa pagbabago ng pagtatalaga bilang bahagi ng pagbabago sa plano ng interbensyon sa pag-uugali.

### Mga espesyal na kalagayan

Kung ang pag-uugali man ay pagpapahiwatig ng kapansanan ng inyong anak o hindi, maaaring alisin ng tauhan ng paaralan ang estudyante sa isang pansamantalang alternatibong kapaligirang pang-edukasyon (na napagpasyahan ng Pangkat ng IEP ng bata) ng hanggang 45 araw ng pasukan, kung ang inyong anak ay:

1. Nagdadala ng sandata (tingnan ang kahulugan sa ibaba) sa paaralan o may sandata sa paaralan, sa mga bakuran ng paaralan, o sa kaganapan sa paaralan sa ilalim ng hurisdiksyon ng CDE o ng pampangasiwaang yunit;
2. Sinasadyang magdala o gumamit ng mga ilegal na droga (tingnan ang kahulugan sa ibaba), o nagbebenta naghahanap ng bibili ng kontroladong substansya, (tingnan ang kahulugan sa ibaba) habang nasa paaralan, sa mga bakuran ng paaralan, o sa kaganapan sa paaralan sa ilalim ng hurisdiksyon ng CDE o ng isang pampangasiwaang yunit; **o**
3. Nagdulot ng malubhang pinsala sa katawan (tingnan ang kahulugan sa ibaba) sa ibang tao habang nasa paaralan, sa mga bakuran ng paaralan, o sa kaganapan sa paaralan sa ilalim ng hurisdiksyon ng CDE o ng pampangasiwaang yunit.

### Mga Kahulugan

Ang **kontroladong substansya** ay nangangahulugang isang droga o iba pang substansyang tinukoy alinsunod sa mga iskedyul I, II, III, IV, o V sa seksyon 202(c) ng Controlled Substance Act (Batas sa Kontroladong Substansya - 21 U.S.C. 812(c)).

Ang **ilegal na droga** ay nangangahulugang isang kontroladong substansya; ngunit hindi kinabibilangan ng kontroladong substansyang legal na dala o ginagamit sa ilalim ng pangangasiwa ng isang lisensyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan o legal na dala o ginagamit sa ilalim ng anumang iba pang awtoridad alinsunod sa Batas o alinsunod sa anumang iba pang probisyon ng Pederal na batas.

Ang **malubhang pinsala sa katawan** ay may kahulugan ibinigay sa katagang “malubhang pinsala sa katawan” alinsunod sa talata (3) ng subseksyon (h) ng seksyon 1365 ng titulo 18, Kodigo ng Estados Unidos.

Ang **sandata** ay may kahulugan ibinigay sa katagang “mapanganib na sandata” alinsunod sa talata (2) ng unang subseksyon (g) ng seksyon 930 ng titulo 18, Kodigo ng Estados Unidos.

### Abiso

Sa petsang magpapasya itong gawin ang pag-alis na isang pagbabago sa pagkakatalaga sa inyong anak dahil sa paglabag sa kodigo ng pag-uugali ng estudyante, dapat kayong abisuhan ng pampangasiwaang yunit ng tungkol sa desisyong iyon, at pagkalooban kayo ng paunawa sa mga proteksyon sa pamamaraan.

**<u>PAGBABAGO SA PAGKAKATALAGA DAHIL SA MGA PANDISIPLINANG PAGTANGGAL</u>**
34 CFR §300.536

Ang pag-alis sa inyong anak na may kapansanan mula sa kasalukuyang pagtatalagang pang-edukasyon ng inyong anak ay isang **pagbabago sa pagtatalaga** kung:

1. Ang pagtanggal ay mahigit sa 10 magkakasunud-sunod na araw ng pasukan; **<u>o</u>**
2. Ang bata ay sumailalim sa maraming pagtanggal na nangangahulugang paulit-ulit na pangyayari:
    a. Dahil sa maraming pagtanggal na may kabuuang mahigit sa 10 araw ng pasukan sa isang taon ng pasukan;
    b. Dahil malaki ang pagkakatulad ng pag-uugali ng inyong anak sa pag-uugali ng inyong anak sa mga dating insidenteng nagresulta sa maraming pagkakatanggal; **<u>at</u>**
    c. Dahil sa mga naturang karagdagang salik gaya ng itinagal ng mga naturang pagtanggal, ang kabuuang dami ng beses na tinanggal ang inyong anak, at ang pagkakalapit ng pagkakatanggal sa bawat isa.

Kung ang paraan ng mga pag-alis ay binubuo ng pagbabago sa pagkakatalaga ay napagpasyahan nang ayon sa kaso ng pampangasiwaang yunit at, kung hinamon, ay sumasailalim sa pag-aaral sa pamamagitan ng makatarungang proseso at mga panghukumang paglilitis.

**<u>PAGPAPASYA SA KAPALIGIRAN</u>**
34 CFR § 300.531

Dapat pagpasyahan ng Pangkat ng programa ng pang-indibidwal na edukasyon (IEP) ang pansamantalang kapaligirang pang-edukasyon para sa mga pagtanggal na siyang **mga pagbabago sa pagkakatalaga** at mga pagtanggal sa ilalim ng mga pamagat na **Karagdagang awtoridad** at **Mga espesyal na kalagayan**, sa itaas.

**<u>APELA (PINABILIS NA MGA PAMAMARAAN SA PAGDINIG NA MAY MAKATARUNGANG PROSESO)</u>**
34 CFR § 300.532

**Pangkalahatan**

Maaari kayong maghain ng reklamong may makatarungang proseso (tingnan ang pamagat na **Mga Pamamaraan sa Reklamong May Makatarungang Proseso** sa itaas) upang humiling ng pagdinig na may makatarungang proseso kung hindi kayo sumasang-ayon sa:

1. Anumang desisyon hinggil sa pagtatalagang isinagawa alinsunod sa mga probisyon sa disiplina na ito; **<u>o</u>**
2. Pagpapasya sa pagpapahiwatig ng pag-uugali na inilalarawan sa itaas.

Ang pampangasiwaang yunit ay maaari ring maghain ng reklamong may makatarungang proseso (tingnan sa itaas) kung naniniwala ito na ang pagpapanatili sa kasalukuyang pagtatalaga sa inyong anak ay malamang na malamang na magresulta sa pinsala sa inyong anak o sa iba.

**Awtoridad ng hukom ng pampangasiwaang batas (ALJ)**

Ang isang ALJ na tumutugon sa mga iniaatas na inilalarawan sa ilalim ng pangalawang pamagat na **Hukom ng Pampangasiwaang Batas** ay dapat magsagawa ng pagdinig na may makatarungang proseso at gumawa ng desisyon. Ang ALJ ay maaaring:

1. Ibalik ang inyong anak na may kapansanan sa pagkakatalaga kung saan inalis ang inyong anak kung napagpasyahan ng ALJ na ang pagkakatanggap ay isang paglabag sa iniiaatas na nakalarawan sa ilalim ng pamagat na **Awtoridad ng Tauhan ng Paaralan**, o napagpasyahan na ang pag-uugali ng inyong anak ay pagpapahiwatig ng kapansanan ng inyong anak; **<u>o</u>**

2. Iutos na palitan ang pagkakatalaga sa inyong anak na may kapansanan ng isang pansamantalang alternatibong kapaligirang pang-edukasyon ng hindi hihigit sa 45 araw ng pasukan kung napagpasyahan ng ALJ na ang pagpapanatili ng kasalukuyang pagkakatalaga sa inyong anak ay malamang na malamang na magresulta sa pinsala sa inyong anak o sa iba.

Ang mga pamamaraan sa pagdinig na ito ay maaaring maulit, kung ang pampangasiwaang yunit ay naniniwala na ang pagbabalik ng inyong anak sa orihinal na pagkakatalaga ay malamang na malamang na magresulta sa pinsala sa inyong anak at sa iba.

Kapag kayo o ang pampangasiwaang yunit ay naghain ng reklamong may makatarungang proseso upang humiling ng naturang pagdinig, ang pagdinig ay dapat isagawa na tumutugon sa mga iniaatas na inilalarawan sa ilalim ng mga pamagat na **Mga Pamamaraan sa Reklamong May Makatarungang Proseso at Mga Pagdinig sa mga Reklamong May Makatarungang Proseso**, maliban kung alinsunod sa pagsunod sa mga pinabilis na pamamaraan:

1. Dapat magsaayos ang CDE ng isang pinabilis na pagdinig, na dapat mangyari sa loob ng **20** araw ng pasukan mula sa petsa ng reklamong may makatarungang proseso na humihiling na maihain ang pagdinig, at ang ALJ ay dapat magpasya sa loob ng **10** araw ng pasukan pagkatapos ng pagdinig.
2. Maliban kung kayo at ang pampangasiwaang yunit ay sumang-ayon sa paraang nakasulat na ipagpaliban ang pagpupulong, o sumang-ayon na gumamit ng tagapamagitan, isang pagpupulong para sa resolusyon ang dapat isagawa sa loob ng **pitong** araw mula sa pagkakatanggap ng paunawa ng reklamong may makatarungang proseso. Maaaring ipagpatuloy ang pagdinig maliban kung nalutas ang suliranin na ikinasiya ng parehong panig sa loob ng **15** araw mula sa pagkakatanggap ng reklamong may makatarungang proseso.
3. Maaaring magtakda ang Estado ng mga naiibang patakaran sa pamamaraan para sa mga pinabilis na pagdinig na may makatarungang proseso kaysa sa naitakda na para sa ibang mga pagdinig na may makatarungang proseso, ngunit maliban sa mga itinakdang panahon, ang mga patakarang ito ay dapat naaayon sa mga patakaran sa dokumentong ito tungkol sa mga pagdinig na may makatarungang proseso.

Maaarung iapela ng panig ang pagpapasya ng ALJ sa isang pinabilis na pagdinig na may makatarungang proseso sa parehong paraan gaya ng maaari nilang gawin para sa mga pagpapasya sa ibang mga pagdinig na may makatarungang proseso (tingnan ang **Mga Apela**, sa itaas).

## PAGTATALAGA SA PANAHON NG MGA APELA

34 CFR §300.533

Kapag, gaya ng inilalarawan sa itaas, kayo o ang pampangasiwaang yunit ay naghain ng reklamong may makatarungang proseso na nauugnay sa mga usaping pandisiplina, ang inyong anak ay dapat (maliban kung sa ibang paraan ay nagkasundo kayo at ang pampangasiwaang yunit) manatili sa pansamantalang alternatibong kapaligirang pang-edukasyon kung saan may nakabinbin na pagpapasya ng ALJ, o hanggang sa pagtatapos ng panahon ng pag-alis gaya ng nakasaad sa at inilalarawan sa ilalim ng pamagat ng **Awtoridad ng Tauhan sa Paaralan**, alinman ang unang magaganap.

## MGA PROTEKSYON PARA SA MGA BATANG HINDI PA KARAPAT-DAPAT PARA SA ESPESYAL NA EDUKASYON AT MGA KAUGNAY NA SERBISYO

34 CFR §300.534

### Pangkalahatan

Kung ang inyong anak ay hindi napagpasyahang karapat-dapat para sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo at lumalabag sa kodigo ng pag-uugali ng estudyante, ngunit ang pampangasiwaang yunit ay may kaalaman na ang iyong anak ay ang batang may kapansanan (gaya ng napagpasyahan sa

ibaba) bago ang naipakita ang pag-uugaling nagdulot ng pandisiplinang aksyon, ang inyong anak kung gayon ay maaaring bigyang-diin ang alinman sa mga proteksyong inilalarawan sa abisong ito.

**Batayan ng kaalaman para sa mga usaping pandisiplina**

Ang pampangasiwaang yunit ay dapat maituring na alam na ang inyong anak ay ang batang may kapansanan kung, *bago* naipakita ang pag-uugaling nagdulot ng pandisiplinang aksyon:

1. Ipinahayag ninyo sa paraang nakasulat sa tauhang namamahala o nangangasiwa ng naaangkop na ahensyang pang-edukasyon, o sa guro ng inyong anak na ang inyong anak ay nangangailangan ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo;
2. Humiling kayo ng ebalwasyong nauugnay sa pagiging karapat-dapat para sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo alinsunod sa Bahagi B ng IDEA; **o**
3. Direktang ipinahayag ng guro ng inyong anak, o iba pang tauhan sa pampangasiwaang yunit sa direktor ng espesyal na edukasyon ng pampangasiwaang yunit o sa iba pang namamahalang tauhan ng pampangasiwaang yunit ang mga partikular na pag-aalala tungkol sa paraan ng pag-uugaling ipinapakita ng inyong anak.

**Eksepsyon**
Hindi maituturing na mayroong naturang kaalaman ang pampangasiwaang yunit kung:

1. Hindi ninyo pinahintulutan ang ebalwasyon sa inyong anak o tinanggihan ninyo ang mga serbisyo sa espesyal na edukasyon; **o**
2. Binigyan ng ebalwasyon ang inyong anak at napagpasyahan bilang batang walang kapansanan alinsunod sa Bahagi B ng IDEA.

**Mga kondisyong naaangkop kung walang batayan ng kaalaman**

Kung bago gumawa ng mga hakbang na pandisiplina laban sa inyong anak ay walang kaalaman ang pampangasiwaang yunit na ang inyong anak ay isang batang may kapansanan, gaya ng inilalarawan sa itaas sa ilalim ng mga pangalawang pamagat **Batayan ng kaalaman para sa mga usaping pandisiplina** at **Eksepsyon**, maaaring sumailalim ang inyong anak sa mga hakbang na pandisiplinang naaangkop sa mga batang walang mga kapansanan na nagpapakita ng mga kahalintulad na pag-uugali.

Ngunit, kung may isinagawang kahilingan para sa ebalwasyon ng inyong anak sa panahon kung saan ang inyong anak ay sumasailalim sa mga hakbang na pandisiplina, dapat isagawa ang ebalwasyon sa pinabilis na paraan.

Hanggang sa makumpleto ang ebalwasyon, ang inyong anak ay mananatili sa pang-edukasyong pagtatalaga na pagpapasyahan ng mga awtoridad sa paaralan na maaaring kabilangan ng pagsuspinde o pagpapatalsik nang walang mga serbisyong pang-edukasyon.

Kung ang inyong anak ay napagpasyahan bilang isang batang may kapansanan, bilang pagsasaalang-alang sa impormasyon mula sa ebalwasyong isinagawa ng pampangasiwaang yunit at impormasyong ipinagkaloob ninyo, dapat magkaloob ang pampangasiwaang yunit ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo nang alinsunod sa Bahagi B ng IDEA kabilang ang mga iniaatas sa disiplina na inilalarawan sa itaas.

## REFERRAL SA AT AKSYON NG TAGAPAGPATUPAD NG BATAS AT MGA PANGHUKUMANG AWTORIDAD

34 CFR §300.535

**Ang Bahagi B ng IDEA ay hindi:**

1. Pinagbabawalan ang ahensyang mag-ulat krimeng ginawa ng isang batang may kapansanan sa mga naaangkop na awtoridad; **o**

2. Pinipigilan ang tagapagpatupad ng batas at mga panghukumang awtoridad sa Estado na gawin ang kanilang mga responsibilidad pagdating sa paglalapat ng Pederal na batas at batas ng Estado sa mga krimeng ginawa ng isang batang may kapansanan.

**Pagpapasa ng mga rekord**

Kung ang isang pampangasiwaang yunit ay nag-ulat ng krimeng ginawa ng isang batang may kapansanan, ang pampangasiwaang yunit ay:

1. Dapat tiyakin na ang mga kopya ng mga rekord ng espesyal na edukasyon at disiplina ng bata ay ipinapasa para isaalang-alang ng mga awtoridad kung saan iniuulat ng ahensya ang krimen; **at**
2. Maaari lamang ipasa ang mga kopya ng mga rekord ng espesyal na edukasyon at disiplina ng inyong anak sa abot ng pinahihintulutan ng Family Educational Rights and Privacy Act (FERPA).

## PANGKALAHATAN UNILATERAL NA PAGTATALAGA NG MGA MAGULANG SA MGA ANAK SA MGA PRIBADONG PAARALAN NA SAGUTIN NG PAMAHALAAN

**PANGKALAHATAN**
34 CFR §300.148

Hindi inaatasan ng Bahagi B ng IDEA ang pampangasiwaang yunit na bayaran ang gastos sa edukasyon, kabilangang espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, ng inyong anak na may kapansanan sa isang pribadong paaralan o pasilidad kung ang pampangasiwaang yunit ay ginawang makukuha ang libreng naaangkop na pampublikong edukasyon (FAPE) ng inyong anak at pinili ninyong ilagay ang inyong anak sa isang pribadong paaralan o pasilidad. Ngunit, ang pampangasiwaang yunit kung saan matatagpuan ang pribadong paaralan ay dapat isama ang inyong anak sa populasyon na kung saan ang mga pangangailangan ay tinutugunan alinsunod sa mga probisyon ng Bahagi B tungkol sa mga batang inilagay ng kanilang mga magulang sa isang pribadong paaralan alinsunod sa 34 CFR §§300.131 hanggang 300.144.

**Pagbabalik ng ibinayad para sa paglalagay sa pribadong paaralan**

Kung ang inyong anak ay dating nakatanggap ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa ilalim ng awtoridad ng pampangasiwaang yunit, at pinili ninyong ipatala ang inyong anak sa isang pribadong preschool, paaralang elementarya, o paaralang sekundarya nang walang pahintulot ng o referral ng pampangasiwaang yunit, ang isang hukuman, o hukom ng pampangasiwaang batas (ALJ) ay maaaring atasan ang pampangasiwaang yunit na ibalik ang ibinayad mo sa iyo para sa gastos sa pagpapatalang iyong kung natagpuan ng hukuman o ng ALJ na ang ahensya ay hindi ginawang makukuha ng inyong anak ang libreng naaangkop na pampublikong edukasyon (FAPE) sa tamang oras bago ang pagpapatalang iyon at na ang paglalagay sa pribadong paaralan ay naaangkop. Maaaring matagpuan ng ALJ o ng hukuman ang iyong pagtatalaga na naaangkop, kahit na ang pagtatalaga ay hindi tumutugon sa mga pamantayan ng Estado na naaangkop sa edukasyong ipinagkakaloob ng CDE at mga pampangasiwaang yunit.

**Limitasyon sa pagbabalik ng ibinayad**

Ang halaga ng ibabalik na ibinayad na inilalarawan sa talata sa itaas ay maaaring mabawasan o tanggihan:

1. Kung: (a) Sa pinakakasalukuyang pagpupulong para sa programa ng pang-indibidwal na edukasyon (IEP) na inyong dinaluhan bago ang pag-alis ninyo sa inyong anak sa pampublikong paaralan ay hindi ninyo ipinaalam sa pangkat ng IEP na tinatanggihan ninyo ang pagtatalagang iminumungkahi ng pampangasiwaang yunit upang magkaloob ng FAPE sa inyong anak, kabilang ang pagsasaad ng inyong mga pag-aalala at ng inyong layong ipatala ang inyong anak sa isang pribadong paaralan na sasagutin ng pamahalaan; o (b) Sa hindi bababa sa 10 araw ng tanggapan (kabilang ang anumang mga holiday na naganap sa araw ng tanggapan) bago ang pag-alis ninyo sa inyong anak sa pampublikong paaralan, hindi kayo nagbigay ng nakasulat na paunawa ng impormasyong iyon sa pampangasiwaang yunit.
2. Kung, bago ninyo inalis ang inyong anak sa pampublikong paaralan, nagkaloob ang pampangasiwaang yunit ng paunang nakasulat na paunawa sa inyo, ng tungkol sa layon nitong bigyan ng ebalwasyon ang inyong anak (kabilang ang pahayag ng layunin ng ebalwasyong naaangkop at makatwiran), ngunit hindi ninyo ginawang mabibigyan ang inyong anak ng ebalwasyon; **o**
3. Kapag natagpuan ng hukuman na hindi makatwiran ang iyong mga aksyon.

Ngunit, ang halaga ng isasauling ibinayad:

1. Ay hindi dapat bawasan o itanggi dahil sa pagbibigay ng paunawa kung: (a) Pinigilan kayo ng pampangasiwaang yunit na magbigay ng paunawa; (b) Hindi kayo nakatanggap ng paunawa ng inyong responsibilidad na magbigay ng paunawang inilalarawan sa itaas; o (c) Ang pagsunod sa mga iniaatas sa itaas ay malamang na magresulta sa pisikal na kapinsalaan sa inyong anak; **at**
2. Hindi maaaring, sa pagpapasya ng hukuman o ng ALJ, bawasan o itanggi dahil sa hindi ninyo pagbibigay ng iniaatas na paunawa kung: (a) Hindi kayo marunong sumulat o bumasa o hindi makapagsulat sa Ingles; o (b) Ang pagsunod sa iniaatas sa itaas ay malamang na magresulta sa malulubhang kapinsalaan sa emosyon ng inyong anak. ■

## Mga Mapagkukunan para sa Magulang

### IDEA 2004

Ang Individuals with Disabilities Education Act (IDEA, Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na may mga Kapansanan) ay isang batas na nagtitiyak ng mga serbisyo sa mga batang may mga kapansanan sa buong bansa. Pinamamahalaan ng IDEA ang kung paano nagkakaloob ang mga estado at pampublikong ahensya ng maagang interbensyon, espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa mahigit 6.5 milyong karapat-dapat na sanggol, paslit, bata, at kabataang may mga kapansanan.
Ang mga sanggol at paslit na may mga kapansanan (kapanganakan-2 taong gulang) at ang kanilang mga pamilya ay tatanggap ng mga serbisyong maagang interbensyon alinsunod sa Bahagi C ng IDEA. Ang mga bata at kabataan (mga edad na 3-21 taong gulang) ay tatanggap ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA.
http://idea.ed.gov/

### Kagawaran ng Edukasyon ng Colorado

Ang Website ng Exceptional Student Leadership Unit (Yunit ng Pamumuno ng Katangi-tanging Estudyante) ay isang mapagkukunan para sa mga guro, tagapangasiwa, at magulang ng mga estudyanteng may mga katangi-tanging pangangailangan sa edukasyon dahil sa kapansanan, pagiging “gifted,” katangi-tanging talento, o mag-aaral ng Ingles na mayroon ding mga espesyal na pangangailangan.
Colorado Department of Education, Exceptional Student Leadership Unit, Office of Dispute Resolution, 1560 Broadway, Suite 1175, Denver, CO 80202
www.cde.state.co.us/cdesped/index.asp
303-866-6694

Ang Web Page ng Batas sa Espesyal na Edukasyon ay idinisenyo upang bigyan kayo ng access sa impormasyon sa Batas sa Espesyal na Edukasyon ng Colorado. Mula sa site na ito, mahahanap ninyo at maida-download ang mga brochure at desisyon sa batas sa espesyal na edukasyon para sa mga Pagdinig na May Makatarungang Proseso at mga Pederal na Reklamo. Maaari rin ninyong mai-download ang kopya ng mga Patakaran para sa Administration of Exceptional Children’s Educational Act (Batas sa Pangangasiwa ng Edukasyon ng mga Katangi-tanging Bata)—ang mga patakaran sa espesyal na edukasyon ng ating estado.
http://www.cde.state.co.us/spedlaw/index.htm

### Early Childhood Connections

Ang Early Childhood Connections ay ang inisyatiba ng Colorado para sa sanggol at paslit na alinsunod sa Individuals with Disabilities Education Act (Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na may mga Kapansanan). Ang Early Childhood Connections ay isang inisyatiba sa pagitan ng mga ahensya. Ang nangungunang ahensya para sa pagpapatupad at ang Department of Human Services (Kagawaran ng mga Serbisyong Pantao) ng Colorado.
www.earlychildhoodconnections.org
1-877-777-4041

### PEAK Parent Center

Ang PEAK Parent Center ay ang Parent Training and Information Center (PTI, Sentro ng Pagsasanay at Impormasyon para sa Magulang) na itinakda ng pederal na pamahalaan. Ang PEAK ay tumutulong sa mga pamilya at iba pa sa pamamagitan ng mga serbisyong kagaya ng hotline nito sa telepono, mga workshop, mga kumperensya, website, at mga publikasyon. Bilang isang PTI, ang PEAK ay naghahandog ng suporta sa pagitan ng mga magulangmm ngunit hindi ito nagdaraos ng mga pagpupulong ng sumusuportang grupo. Nakikipagtulungan kami nang isahan sa mga pamilya at nakikipagtulungan din sa pamahalaan ng estado at mga komunidad na pang-edukasyon, rehabilitasyon, at medikal upang gumawa ng mga pagbabago sa sistema na nagpapabuti sa mga kinalabasan para sa mga bata.
www.peakparent.org
1-800-284-0251

### Ang Legal Center for People with Disabilities & Older People

Ang Legal Center ay isang independiyenteng pampublikong interes na non-profit na may espesyalisasyon sa mga karapatang sibil at mga isyung pandiskriminasyon. Pinoprotektahan namin ang mga karapatang pantao, sibil at sa batas ng mga taong may mga kapansanan sa pag-iisip at pangangatawan, mga taong may HIV, at matatanda sa buong Colorado.
www.thelegalcenter.org
1-800-288-1376